

*Fagalog Online Pocketbook*  
The leading source of online pinoy stories



*Love In A Duplex*  
**Darla**

Unang Pag-Imprenta, 2014

Karapatang Pag-aari © 2008-2014, Tagalog Online Pocketbook

Lahat ng karapatan ay reserbado. Walang bahagi ng publikasyong ito ang maaaring kopyahin, sa anumang anyo o paraan ng walang pahintulot sa pamamagitan ng pagpapadala ng liham sa amin.

Ang ebook na ito ay obra ng mga manunulat na nagsulat nito. Ang Tagalog Online Pocketbook ay hindi ginarantiya ang kawastuhan ng mga bawat nakasulat dito at hindi tumatanggap ng anumang panagutan para sa anumang resulta ng paggamit nito.

Kung may pagkakahalintulad man sa pangalan, lugar, bagay, pangyayari o anuman sa tunay na buhay ay pahindi ito sinasadya dahil ang mga ito ay pawang kathang isip lamang.

Para sa karagdagang impormasyon, alamin ang mga sumusunod na detalye sa ibaba.

- Website <http://www.tagalogonlinepocketbook.com>
- Email [support@tagalogonlinepocketbook.com](mailto:support@tagalogonlinepocketbook.com)
- Facebook <http://facebook.com/tagalogonlinepocketbook>
- Join Us <http://facebook.com/groups/tagalogonlinepocketbook>
- Like Us <http://facebook.com/topreader>
- Follow Us <http://twitter.com/topocketbook>

Walang pakialam si Moraine sa bagong lipat sa kabilang unit ng duplex na kanyang kinatitirhan. Wala rin siyang pakialam kung ano ang impresyon nito sa kanya – na pipi siya na may anak at walang kwentang asawa.

Ngunit ang di niya lang alam ay kung baket tila panay ang papansin nito sa kanya gayong may mayaman namang babaeng halos araw-araw itong dinadalaw. Di man maintindihan ni Moraine ay lumalala ang inis niya rito sa bawat araw na lumilipas...

## Chapter 1

Dedma lang si Moraine habang may ilang kagamitang ipinapasok sa kabila ng duplex na kanyang tinitirhan. Nagsasampay siya ng kanyang mga nilabhan sa may likuran ng duplex, sa umagang iyon.

Sinabi na sa kanya ng may-ari ng duplex na may bagong lipat sa kabila, noong isang araw pa. Pero wala namang sinabi si Aling Dora kung sino. Gayunpaman, medyo curious man siya ay di na siya nagtanong pa. Aniya sa sarili, di naman sa kanya ang duplex kaya wag na siyang makialam.

Samantalang kararating lang ni Byron sa duplex, na lilipatan niya. Kahit ngayon niya pa lang nakita ito ay napasang-ayon siya sa katahimikan ng lugar dahil medyo may eksaktong distansya ang bawat duplex sa lugar na iyon. Di rin maituturing na pabahay tignan. Tamang-tama na rin lang sa gusto niya na simpleng matitirhan.

Ipinarada niya ang kanyang big bike sa harap ng kanyang unit, pagkapasok ng gate habang inaareglo ng mga tagalipat ang kanyang mga gamit. Nanaog siya sa kanyang big bike at saka pumasok na upang tignan ang pakakaayos ng mga gamit sa loob.

Napangiti siya at tinignan ang likod na bahagi ng duplex. Medyo maaliwalas naman sa labas at paglingon pa niya sa kanyang kanan ay nakita niya ang isang babaeng naka-shorts at sleeveless na busy sa pagsasampay ng mga nilabhan nito.

“Hi, sexy neighbor!” charming ang pagkakangiti ng lalake sa babae.

Napalingon si Moraine sa boses na yaon. Napakurap siya sa magandang lalakeng nakangiting bumabati sa kanya. Saka napasimangot naman siya.

Rugged ang dating nito pero malinis naman sa kanyang paningin. Ang suot lang nitong maong ay faded at may punit sa tuhod, naka-t-shirt ng puti na may jacket na maong.

Kahit naka-dark glasses ito ay batid niyang nakatitig ito sa kanya nang maige. Matangos ang ilong nito at maganda ang pisngi. At sa tingin niya, ang kulay nito ay di gaanong moreno.

'Huh, baket ko ba siya kinikilatis nang ganito?' tanong pa niya sa sarili at inisnab na ang lalake upang ipagpatuloy ang kanyang ginagawa.

Isa pa itong kapatid niya! Tila senyorito pa dahil siya ang naglalaba ng mga damit nito. At buti kung trabaho ang inaatupag, babae pa naman. Baka dahil pa sa kapatid niya ay magiging matandang dalaga siya. Ito ang madalas na sinasabi ng bestfriend niyang si Lussel.

"Ako nga pala'ng bago mong kapitbahay." Ang dagdag pa ng lalake na lumalapit sa interlink fence na siyang humihiwalay sa kanila.

"Ako nga pala si Byron. Anong pangalan mo?" pagpapatuloy pa nito.

Ngunit di pa rin niya ito pinapansin. Wala siya sa mood ngayong makipagkilala. Maraming mga bagay ang nasa kanyang isipan at ayaw niya ng iba pang makapag-complicate dito.

"Ah, baka pipi ka, ano? Itatanong ko na lang kay Aling Dora."

Inis na sinulyapan ito ni Moraine pero di siya nagsasalita.

"Sige, ha. Nice meeting you, sexy neighbor. May aayusin pa ako sa loob." Pagpaalam pa ng lalake sa wakas.

Sinundan na lang niya ito ng inis na tingin habang papasok itong muli sa unit nito, bago siya nagpapatuloy na naman sa kanyang ginagawa.

"Moraine, saan ka ba?" narinig na lang niyang boses ng kanyang kapatid. Pero di siya tuminag o sumagot man lang. "O, andito ka lang pala. Di ka pa sumasagot. Narinig mo naman siguro ako, di ba?"

"Tumahimik ka nga diyan. Baka magising mo pa ang bata. Buti't umuwi ka pa ano?" inis na aniya sa kanyang twin brother na si Morsel.

"Oo naman! Hihingi lang sana ako ng pera."

Natigilan ang dalaga.

“Hihingi? Baket? May ibinigay ka ba sa akin? Hoy, ako na ngang nag-aalaga sa anak mo, ako pa ngayon ang hihingan mo ng pera? Manigas ka nga diyan!” padabog pang anang dalaga na kinuha ang huling isasampay na pantalon.

Sa mga sinabi niyang iyon ay saka ring paglabas muli ni Byron sa kabilang unit at di sadyang narinig ang sinasabing iyon ng dalaga.

‘Ah, so di pala siya pipi,’ natutuwang naisip pa ng lalake.

“Moraine, hihiramin ko na lang. Saka ko na isasauli sa yo sa sweldo ko. May biblhin lang talaga akong importante.” Anang Morsel.

“Ah, ganon? Bibilhan mo siguro ng kung anu-ano ang bagong nobya mo, ano? At heto ang anak mo, halos magugutom na dahil walang pambili ng gatas!” nakapamewang na ang dalagang tapos na sa pagsasampay ngayon at hinarap nang todo ang kapatid.

Napasimangot naman si Byron sa kanyang narinig. May asawa na pala ang babae pero di niya maisip dahil sa ganda nito ay ipinagpapalit pa rin ito ng asawa nito?

Naisip na lang ng binata na pabayaang dalawang nag-aaway at bumalik na sa loob ng unit niya.

“Moraine, nagbibigay naman ako ng pera kapag meron, ah. Tsaka, kung di iniwan sa akin ni Celeste ang anak namin, disin sana’y maayos tayong namumuhay ngayon.”

“Huh? Ano ba yang pinagsasabi mo? Ginawa mo ang batang yan tapos ayaw mong bigyan ng pagkakataong mabuhay sa mundong ito? Wala ka na nga yatang konsensya, eh, ano? Isa pa ang Celeste na yan! Saan na ba ang babaeng yan?! Pinababayaang lang ninyo ang anak ninyo sa akin. Para kayong mga breeders lang at ipinamigay ang bata. Buti’t di ninyo ipinagbili yan!”

“Ewan ko. Alam mo namang wala na kaming komunikasyon mula nang ibinigay niya sa akin ang bata, eh. Sige na, pahiramin mo na ako ng pera. Kahit limang daan lang.”

Nag-uusok talaga sa inis na tinignan ng dalaga ang kanyang kapatid. Saka padabog itong iniwan upang kunin na ang pera.

“Hayan! Malilintekan ka na talaga sa akin kapag di mo isinauli yan. Hinding-hindi ka na makakatuntong sa bahay na ito. Ni makapasok kahit man lang sa gate! Tandaan mo yan!” aniyang dinuduro pa ang kapatid upang maliwanagan ito nang maayos sa punto niya.

“Oo na. Salamat dito,” anitong umalis na.

Napahugot ng malalim na hininga ang dalagang nakapamewang. Saka napatingin siya sa lalakeng kalilipat lang sa duplex. Di niya maintindihan ang ekspresyon nito. Pero katulad nu’ng una’y di na niya ito pinansin pa. Kinuha niya ang palanggana at itinabi ito.

“O, Mr. Zobel maayos na ba ito para sa inyo?” tanong pa ng nakangiting may-ari ng duplex na si Aling Dora.

Mataba ito at palakaibigan. Yun ang agad nakikita ng binata sa kaharap. Napangiti siya dito nang matamis.

“Opo, Aling Dora. Salamat po. OK na sa akin ang lugar na ito. Kaya lang po... eh... pwede ko bang malaman ang nasa kabilang unit na nakatira dito?”

“Ah! Ang umuupa diyan sa kabila? Si Moraine. Wag kang mag-aalala. Mabait naman siya kaya lang problemado ang batang yan sa ngayon. Paano kase, siya ang nag-aalaga sa anak ng kapatid niya. Tapos wala pang malinaw na trabaho si Morsel. Kaya medyo palaging nag-aaway ang dalawang yan. Pasensya ka na kung makakaistorbo sila sa yo...”

“Naku, wala po sa akin yon. OK lang po, Aling Dora. Medyo mag-aadjust lang ako ng konte.”

“Sige, at medyo paaalalahanan ko lang si Moraine kung sakaling may problema man, ano, Mr. Zobel?”

“Byron na lang po ang itawag nyo sa akin. Medyo kase naiilang lang ako.”

“Sige,” nakangiting anang Aling Dora at umalis na.

“Moraine...” napasambit pa ang binata sa pangalan ng dalaga at nakikinita niya ito sa kanyang balintataw.

Ngayon lang siya nakakilala ng babaeng di man lang siya pinapansin kahit ipinamalas na niya ang kanayng pinakamatamis na ngiti para sa mga babae. Pero dedma lang ito.

Naailing naman siya nang marinig na lang niyang tumutunog ang kanyang cellphone. Napasimangot siya habang sinasagot ito.

“Anong pakay mo at napatawag ka, Rinesse?”

“I just want to know if you’re OK. Don’t I have any right to ask you that?” malamyos na sagot ng tinig sa kabilang linya.

“Of course, you have. But I am doing OK. Don’t you worry. At wag mong ipaalam kahit kanino kung saan ako ngayon. OK?”

“Sure. You can count on me. Kahit ito-torture pa ako ng fiancée mo, wala siyang makukuhang impormasyon mula sa akin.” Nakatawang anito.

Napatawa naman si Byron. Batid niyang maaasahan ang kanyang pinsan. Pero batid niyang di rin magtatagal ay mahahanap din siya ng kanyang pamilya at ni Minessa.

“I’m glad to hear that, Rinesse. Sige, may aayusin pa ako dito sa nilipatan ko. I guess I could have enough time to think matters very smoothly now that I am far from all the pressures.”

“Yes, I understand. I’ll just have to tell Tita Bonita that you’re doing fine. Alright?”

“Please do so, Rinesse. Ayoko lang kaseng tumawag sa kanya dahil baka ano pang sasabihin niya.”



“You know she’s not nagging you about the wedding. Pero nag-aalala lang talaga siya sa yo kung saan ka na!”

“You know it’s only you who can come to me. Not anyone else.”

“Of course I know that. But I am quite surprised you didn’t go to Spain... or sa States kaya. Imbes pinahanap mo pa ako ng isang simpleng malilipatan. And to think that it’s a duplex! My God!”

“It’s really fine with me. Ayoko sa mga condo dahil alam mong doon ako kaagad mahanap ni Minessa. And please, not in Baguio, alam niyang rest house doon. Tsaka sa Tagaytay... you know how she is!”

“Of course, I do understand that. Wag kang mag-aalala. I’ll keep her in rein. Don’t worry. Ako pa naman ang pinagkakatiwalaan niya, di ba?”

“I don’t know how clever you are, Rinesse!”

Napatawa ang babae. “Of course, you do now.”

“It’s still to be proven, Rinesse.”

“Well, I’m trying hard to prove it to you, Byron. Sige, I’d better be off. Sinusundo na ako ni Celine. We’re going shopping, you know.”

“Shopping? Don’t you women get tired of that fuss? As I can recall, kasha-shop mo lang kahapon, eh, di ba?”

Ngunit tumawa lamang ang kanyang pinsan. “Bye!” anito.

“Just take care, Rinesse. Give my regards to Jerome.”

## Chapter 2

Umiiyak ang apat na buwang pamangkin ni Moraine. Agad niyang nilapitan ito kahit nagluluto siya para sa kanyang pananghalian sa araw na yaon ng Sabado. Tsinek niya kung basang-basa na ang diaper nito kaya pinalitan niya ito ng bago.

“Louise, bago na ang diaper mo. Di ka na iiyak ha? Kase may gagawin pa si tiya Moraine.” Nakangiting aniyang kinakausap ang bata.

Ngumiti ang bata sa kanya habang sumisipa ang mga paa nito sa ere. Hinalikan niya ang bata at ipinagpatuloy ang kanyang pagluluto.

Habang nagluluto ay iniisip pa ng dalaga ang kanyang bagong istorya na isa-submit sa masungit niyang editor.

Naririnig na lang niyang may kumakatok sa pintuan at pinahinaan niya ang apoy ng kalan. Sino naman kaya ang bisita niya? Kung si Morsel kase ang dumating, agad lang itong pumapasok dahil may sarili itong keys sa unit nila.

“Andyan na!” aniya saka binuksan ang pinto.

“Hi. I just brought you something. Naisipan ko lang kase.”

Nakangiting bungad pa ng binata na may dalang dalawang platong tinatakpan.

Napamaang siya nang saglit at napakurap-kurap sa magandang lalakeng nakangiti sa kanya. Saka napataas ng kilay si Moraine.

“A-ano yan?” naitanong niya rin na may pagtataka sa mukha.

“Chopsuey at saka beef steak lang naman. Ako ang nagluto. Naisipan ko lang na...”

“S-salamat. Pero di ka na sana nag-abala pa. Nagluluto kase ako ng pananghalian ko.” Sabi niyang umiiling.

“It’s OK. Kahit mamaya mo na lang ito kakainin kung gusto mo.” Kumibit na anang lalake.

Walang nagawa ang alaga kundi ang tanggapin ang ibinibigay nito sa kanya. Grasya pa naman. Mahirap nang karmahin.

“Salamat nito. Sige,” aniya. “Ibabalik ko na lang sa yo ang mga plato ‘pag nahugasan ko na.” Saka isinara na niya ang pinto.

Napakagat si Byron sa kanyang labi at napangisi sa sarili. Naiiling siya nang saglit at muling bumalik sa kanyang unit.

Pambihira, naisip pa niya. Di man lang siya pinatuloy nito? Gusto pa naman niya sanang makita ang hitsura ng loob ng unit ng dalaga. At baka makita niya rin ang pamangking inaalagaan nito.

Pero natutuwa siya kapag iba-iba ang ekspresyong gumuguhit sa magandang mukha ni Moraine. Di lang alam ng dalaga kung gaano siya naa-attract dito.

Di niya alam kung baket palaging may urge siyang halikan ang mapupulang labi nito habang nakamaang ito o kaya’y nakaismid.

Bigla niyang naitanong sa sarili kung may boyfriend ito. Kung meron man, hindi niya yata nakikitang dumadalaw. O baka naman man-hater ang dalaga dahil kahit sa kapatid ay napaka-istikta nito.

Siguro wala nga itong boyfriend, konklusyon pa ng binata at natutuwa siya sa isiping iyon.

Napamaang si Moraine na dala-dala ang mga plato at inilapag ang mga ito sa mesa sa munting kusina ng unit niya.

Napaisip-isip siya nang saglit bago niya naalala ang sariling niluluto. Pinatay niya ang kalan at saka inilipat niya sa sariling plato ang laman ng ibinigay sa kanya ng kanyang kapitbahay.

Di niya lubos maisip kung baket nag-abala pa ang lalakeng bigyan siya ng pagkain. Alam kaya nitong naghihirap siya?

Di siya natutuwa sa isiping iyon. Ayaw niya ring magkaroon pa ng utang na loob sa lalakeng di naman niya kilala.

Mabilis niyang hinugasan ang mga plato at bowls upang maisauli na niya kaagad ang mga ito sa may-ari na bagong lipat lang. Tinignan niya muna si Louise bago lumabas. Buti na lang at muling nakatulog ang bata.

Nagdadalawang-isip pa siya bago kumatok sa pintuan nito. Ngunit bago pa man siya makapagtaas ng kamay ay bumukas na ang pinto at nakangiti ang binatang bumungad sa kanya.

“Isasauli ko lang ang mga plato at bowls mo. Salamat ulit. Pero wag ka ng mag-aabala sa susunod.” Aniyang iniabot dito ang mga gamit ng lalake.

Nang tinanggap ng binata ay agad na siyang tumalikod.

“Walang anuman, sexy neighbor.”

Nakangising anang binata nang pahabol.

Hindi na ito tiningnan pa ng dalaga. Bago pa siya makapasok ng unit niya ay napansin niya ang isang kotseng pumarada sa harap ng gate ng kahati niya sa duplex.

Bumaba doon ang isang magandang babaeng mestisa. Saka kumaway ang lalakeng may-ari ng unit.

Subalit di na niya pinansin pa ang sumunod na tagpo dahil pumasok na siya sa sariling unit at isinara ang pinto upang makakain na siya ng kanyang pananghalian.

Kahahain lang niya ng kanin nang dumating si Morsel.

“Oy, tamang-tama! Kainan na pala.” Nakangising anitong agad na umupo sa isang silya.

Masama itong tiningnan ng dalaga. Pero di siya umimik. Sumusulpot lang ang kakambal niya kung kelan nito gugustuhin. At di niya maintindihan kung baket ganito na lang ang ugali nito. Sino o ano pa kaya ang makapagpapatino ditto gayong meron naman na itong anak na dapat sana nitong inaalala?

“Wow, may chopsuey pa at beef steak! Nagkapera ka na yata, eh.” Anitong nakangisi na nag-uumpisa nang maglagay ng pagkain sa dapat plato sana ni Moraine.

Kumuha na lang siya ng isa pang plato at umupo sa tapat ng kapatid. Minataan niya ito nang mabuti bago nagsasalita.

“Hindi nga po. Sa katunayan nga, ang bagong lipat diyan sa kabila ang nagbigay niyan. Baka naisip niyang kelangan ko talaga ng pagkain, eh. Napuna siguro.” Pasaring pa niya sa kapatid.

Ngunit ngumiti lang sa kanya ito habang kumakain.

“Kumusta na ba ang trabaho?” sa halip ay tanong nito pagkalipas ng ilang minuto.

“Pakialam mo ba, ha? At saka, di mo man lang tiningnan sa kwarto kung kumusta na ang anak mo, ah. Deretso ka lang dito para kumain. Ang kapal mo talaga. Kelan ka kaya titino?”

“Moraine naman. Siyempre tinignan ko ang bata bago ako dumeretso dito. Lumalaki na nga pala siya, eh ano?” anitong nakangiti.

Hindi kumibo si Moraine. Sumusubo siya ng pagkain habang nakatingin lamang sa kanyang kakambal.

“Siyanga pala, ibabalik ko na sa yo ang perang hiniram ko noong isang lingo. Tsaka... bibigyan na rin kita ng pera para sa gatas ni Louise.”

Napataas ng isang kilay ang dalaga.

“Hindi ako magnanakaw. At hinding-hindi ako magiging magnanakaw kahit kelan!”  
matigas na anang Morsel sa kanya.

“Defensive ka yata.” Mapaklang aniya sa kakambal.

“Nakapasok na ako ng trabaho bilang delivery boy sa isang grocery store. Every weekend ang sweldo. Kaya makakabigay na ako ng pera sa yo para kay Louise kada linggo.” Ang tugon naman nito.

“Siguraduhin mo yan, ha? Malilintekan ka talaga sa akin kapag di totoo yang sinasabi mo.” Banta pa niya sa kakambal.

“Hindi nga ako nagsisinungaling, eh!” giit pa ng kapatid kaya nagsawalang-kibo na ang dalaga.

Si Morsel pa ang naghuhugas ng mga pinagkanaan nila habang nanonood lang siya dito.

Pareho silang twenty-two pa lang pero tila isip-bata pa rin ang dating nito sa kanya. Di pa talaga nagma-mature. Ewan niya lang kung kelan, kahit may anak na ito.

Napabuntong-hininga siyang nakatingin sa kapatid. Saka tumayo na siya upang humarap sa kanyang computer na nabili niya sa isang surplus. Pentium 1 pa ito pero buti na lang kesa sa typewriter. Maingay kase ang huli at baka ito lang ang dahilan sa pag-iyak ng bata dahil sa ingay. Kaya napilitan na siyang bumili ng mumurahing computer.

Bago umalis si Morsel ay binigyan nga siya nito ng dalawang libo. Napakagat-labi siyang tiningnan ang kapatid. Naaawa din siya dito kahit papaano.

“Paano ka na? Wala ka na yatang pera diyan, eh.”

“Meron pa. Konte nga lang. Pero wag kang mag-aalala. Ang importante, may maipambili ka na ng gatas para kay Louise. Pasensya ka na, Moraine. Pangako, magbabago na ako para sa anak ko. Naisip ko kung gaano ka nagsasakripisyo para sa akin at lalo na sa kanya.”

Napalunok ang dalaga sa sinabing iyon ni Morsel. Saka napatango na siya nang marahan dito.

“Sige. Mag-iingat kang palagi. Baket pa kase di ka araw-araw na umuuwi dito, eh.” Sabi pa niya dito.

“Huwag na. Nakakatipid tayo pag ganito. Sa mga kaibigan ko na ako kumakain.”

Matagal na nakatitig si Moraine sa kanyang computer. Kanina pa nakaalis ang kapatid pero para namang wala siya sa kanyang sarili ngayon.

Bigla siyang natauhan nang marinig na umiiyak si Louise at mabilis siyang tumayo upang tignan ang bata.

Pinapadede niya ito sa isang bote at nakipag-usap dito nang mahina tungkol sa ama nito at sa konteng pagbabago nito.

“Magiging mabait na si papa mo, Louise. Nagtatrabaho na siya para sa yo. Masaya na tayo kapag ganon, di ba?” aniyang nakangiti sa pamangkin.

Nakatitig naman ito sa kanya nang walang imik habang dumedede sa bote. Halos di ito kumukurap na nakatingin at nakikinig sa kanya.

“Kung gusto mo, labas tayo diyan sa bakuran mamayang hapon pagkagising mo, ha? Baka magbabago ang isip ng papa mo at masasabi niyang hinihintay natin siya, di ba?” nakangiting aniya dito.

Umungol ang bata na tila naiintindihan ang sinasabi niya at bahagya itong ngumingiti sa kanya. Kaya napatawa na rin si Moraine.

“Hmm, nababato ka na rin siguro sa kwarto natin, ano? Sige, sige. Lalabas nga tayo mamaya. Pangako ko yan sa yo.” Aniya sa bata at hinalikan ito sa noo.

“So how’s your first week in here?” tanong pa ni Rinesse nang nakapasok sa unit ng pinsan.

Patingin-tingin ito sa kabuuan ng unit ng binata na maayos naman ngunit aminado silang pareho na mas maliit lang ito kaysa sa aktwal na kwarto ng binata sa mansion nila.

“Fine. Just fine.” Nakangiting anang binata.

“Ang liit pala dito. I just realized it now.” Anitong nakasimangot na umupo sa sofa.

“It’s because marami kang mga gamit na binili para dito. Kayamukhang nagsisikip ang unit ko.”

“Well, you do need all these things right here, di ba?”

“I won’t have to argue with you. It goes your way as you can see.” Kumukumpas na anang binata.

Napangiti nang matamis si Rinesse sa pinsan.

“Alam mo na ba ang balita?”

“You can tell me.” Kumibit ng balikat ang binata na umupo sa adjacent na upuan.

“They are all frantic of your being ‘missing’, you know?” nakangising anito.

“I bet.” Napatangong anang binata.

“But I told them not to worry. But of course, di kosinabing alam ko kung saan ka ngayon. And, Minessa is very worried.”

“Huh, worried? I doubt it.”

“Honestly, she is very worried about you, Byron.”

“Well, maybe you’re right. It is because of the wedding.” Seryosong anang binata na di tinignan ang pinsan.



“Gano’n na nga. Malapit nang matapos ang mga invitation cards. She’s so worried not to find you in time. She won’t know what to say if you were not there with her at all.”

“Of course she can make things up. Pwede niyang sabihing nasa ibang bansa ako.”

“But everyone knows you’re not!”

“Is that for sure?” tanong pa ng binata sa pinsan.

“I hate to tell you this, Byron. But I think you just have to give up with all the things they’re webbing for you. It’s for your own good. Minessa is the right choice. You like her, don’t you?”

Hindi sumagot ang binata.

“Now, I’m doubting my own opinion.” Nasa pa ni Rinesse sa sarili pero narining iyon ng binata.

“You know how it is, Rinesse. Masaya ka ba na kasama ang asawa mo ngayon?”

Hindi nakapagsalita si Rinesse.

“We’re not talking about myself here, Byron. Even though I am just twenty at the moment, I have known my own fate. And Jerome is so good to me. I can’t ask for anything else.” Kumibit na anang babae pero di naman makatingin sa pinsan.

“But do you love him?”

Hindi nakakibo si Rinesse.

“I hope walang nakasunod sa yo dito, Rinesse. I don’t want you to take such risks. Isang linggo pa lang ako dito at ayokong mahanap na agad nila. Lalo na ni Minessa.” Biglang pag-iiba pa ng binata na tumatayo mula sa kanyang kinauupuan.

“I’m sorry, Byron. I just wanted to see if you’re really okay. Palagi kitang dadalawin dito. But I promise to be very careful. I respect your every decision. And you know that very well.”

Tumango si Byron at inihatid na sa pintuan ang pinsan. Binuksan niya ito at nakangiti nang matamis sa pinsan nang lumabas. Nakita na lang niyang nakaupo sa isang silya si Moraine habang karga ang isang batang sanggol pa lang.

Naririnig nilang kinakausap nito ang bata habang nakangiti ito dito na tila ba walang problema at sila lang ang nasa mundo.

### Chapter 3

“Is that her baby? Wow, ang cute naman niya!” di napigilan ni Rinesse na bumulalas nang makita ang magandang sanggol.

Napataas ng tingin si Moraine at bahagyang pinamulahan ng pisngi. Nakatingin sa kanilang mag-tiya ang magandang babaeng bisita ng kanyang kapitbahay. Siguro... gf nito, naisip pa ng dalaga.

Nakangiti ito sa kanya.

“That’s Moraine, my sexy neighbor. Moraine, si Rinesse. Pasensya ka na. Parang gusto na kase niyang magka-baby na rin, eh.” Nakangiting anang lalake.

Napamaang nang sandali si Rinesse sa kanyang pinsan pero tinignan lang nito ang binata nang walang sinabi.

“Hi. I do love to have a baby of my own. Pero di pa kase sinuwerte, eh. Pwede ko ba siyang kargahin kahit sandali?” anitong pumasok sa gate at lumapit sa kanya kahit di pa umu-oo si Moraine.

Napangiting sumunod na lang si Byron sa pinsan. At nagkakaroon din siya ng excuse na makabalik sa unit ng kanyang kapitbahay kahit sa bakuran man lang nito.

“S-sige,” sabi na lang ni Moraine at nasurpresa pa dahil marunong namang kumarga ang magandang babaeng bisita ni Byron.

“Hello, baby. What’s your name?” nakangiting anang Rinesse sa bata. Ngunit nakatingin lang sa kanya ang bata nang di kumukurap.

“Louise.” Sabi pa ni Moraine na may matipid na ngiti.

“How old is she?” baling pa ni Rinesse sa kanya.

“Four months.”

Napatingin sa kanya ang babae mula ulo hanggang paa.

“Buti at madali ka palang nakabalik sa figure mo.” Medyo biro pa ni Rinesse.

Ngunit di kumibo ang dalaga. Sa halip ay pinamumulahan lang siya ng mukha at di niya talaga tinitignan si Byron nang sadya.

“It’s because the baby is not hers, Rinesse. Kundi sa kapatid niya. That’s what Aling Dora said. I’m sorry,” dagdag pa ng lalake kay Moraine bumaling.

Hindi pa rin kumikibo si Moraine dahil kilala naman niya si Aling Dora. Wala namang masamang intension ang may-ari ng duplex sa sinabing iyon na impormasyon sa lalake.

“Oh, I see. I’m sorry.” Seryosong paumanhin ng pinsan ni Byron. “Pwede ko ba siyang dalawin dito paminsan-minsan?”

Di maiwasan ni Moraine na wag sulyapan si Byron sa pagkakataong ito. Ngunit nakangiti lang ito sa kanya.

“O-OK lang.” Nasabi na lang niya.

Ewan ba niya pero parang ayaw niyang ipahiya ang magandang babae. Kaya pinagbigyan niya ito. Wala namang masama kung gusto nitong dalawin ang pamangkin niya.

“Thank you! Wala kase akong pamangkin kagaya mo, eh. Kaya sabik ako sa baby. Sige, Louise. Aalis na muna ako. Babalik na lang ako when I have free time, OK? I promise to see you again soon!”

Noon pa ngumiti ang bata kay Rinesse. At lalong nako-cute-tan si Rinesse sa bata.

Humalik pa si Rinesse sa pisngi ni Byron bago umalis. Nang makapagpaalam na ang babae ay nagtataka pa siya kung baket di pa rin umaalis ang kanyang kapitbahay.

“I’m sorry nung sinabi ko noon na pipi ka,” biglang nagsasalita ang lalake.

Hindi kumikibo si Moraine.

“Ah, I think I saw your brother left the house a while ago. Saan ba siya nagtatrabaho? Di ko kase siya nakikita dito araw-araw.”

“Ang sabi niya sa akin, nagde-deliver siya sa isang grocery store. Sige, ipapasok ko na si Louise.” Tugon pa ng dalaga na tumayo na mula sa silya.

“Sige. Ako na ang magpapasok nitong silya sa loob.” Presenta pa ng lalake na tumulong.

“Huwag na. Babalikan ko na lang yan mamaya.”

“No. Namimilit ako. Alam ko. Kaya wag mo ng gawing isyu itong pagtulong ko sa yo.”

Napakagat ng lang ng labi si Moraine at wala siyang nagawa nang sumunod sa kanya ang lalake na dala ang plastic chair.

Napatingin ang binata sa kanyang paligid. May dalawang lumang paintings sa kanang bahagi ng dingding. Sa kaliwa ay dalawang kwarto na may ternong kurtina ang pasukan. Sa dulo ay ang kusina at isang maliit na mesa at dalawang silyang magkatapat. Nakasandal sa dingding doon ang kalan at ang maliit na palikuran ay nasa extension ng duplex sa kanang bahagi. Katulad ng kanyang unit, ngunit nasa kaliwa naman ang extension nito.

“Salamat sa tulong mo. Pero OK lang talagang wag mo ng abalahin ang sarili mo.” Medyo may bahid ng inis ang boses ng dalaga.

“Pasensya ka na kung nakaabala ako. Sige, uwi na lang ako.” Anitong nasulyapan ang naka-on pa ring computer ng dalaga sa isang sulok ng maliit na tanggapan ng dalaga.

Hindi kumibo si Moraine. Sinundan niya lang ng tingin ang lalake bago niya inilapag ang bata sa kama sa loob ng kwarto nila.

Nang makatulog na naman ang bata ay naisipan niyang bumili ng gatas sa malapit na maliit na grocery store sa lugar nila, sa isang kanto.

Pagbalik niya ay bukas na ang pinto ng kanyang unit at naririnig ang iyak ng bata. Taranta siyang pumasok doon at nakitang karga-karga ni Byron ang kanyang pamangkin na di napapatahan ng lalake.

“Sa’n ka ba nagpunta?” demanda sa kanya ng lalake.

Napamaang siya sa inasal ng lalake na tila ba siya ang yayang nagpapabaya sa anak ng amo niya.

“B-bumili lang ako ng gatas sa may kanto. Kase huli na yung pinadede ko sa kanya kanina.”

“Pwede bang ihabilin mo naman sa akin ang bata kapag aalis ka? Paano kung merong ibang pumasok dito? Bukas pa lang naman ang pinto. At paano kung nahulog ang bata sa kagalaw niya? Di ka ba nag-iisip? Anong klaseng bantay ka?”

“H-hindi ko naman naisip na magigising siya, eh. Kase di pa naman oras na ito siya gumigising. B-baka lang kase umihi siya at gustong magpapalit ng diaper.” Paliwanang naman niya.

“Kung ganon, eh di bihisan mo na ang bata. Kawawa naman dahil iyak nang iyak siya, eh.”

Agad na isinantabi muna ni Moraine ang kanyang binili at kinuha ang bata mula sa binata upang mahihisan ito. Puno na nga ng ihi ang diaper nito kaya agad niya itong hinubad upang palitan. Tumahan naman kaagad ang bata sa kaiiyak.

Di naman masabi-sabi ng dalaga na inis na inis siya sa mga sinabing iyon ng lalake. Concern lang siguro ito. Pero di naman siguro tamang pagsasabihan siya nito nang ganu’n gayong di naman sila close.

Nakasandal naman ang lalake habang nakakurus ang mga braso at nakatingin sa ginagawa ng dalaga. Saka pa siya napatingin sa paligid ng maliit na kwarto. Malinis iyon at naka-arrange ang lahat ng gamit. Lalo na ang mga gamit ng bata.

“Salamat sa pag-aalala mo. Pero di na kelangan ang presensya mo dito,” mahinahong sabi ng dalaga at natapos na ring mabihisan ng bagong diaper ang bata.

“Baket, meron ka na bang makakain dito?”

“Meron.”

Pero di niya inaming ang iniluto niya kaninang pananghalian ang ulam niya ngayon.

“Well. OK. I’ll bid you an early goodnight then.” Nakangiting anito sa kanya nang lumingon siya sa lalake.

Inihatid niya sa may pintuan ang lalake hanggang sa may gate at isinara na ang gate. Naiiling na lang ang lalakeng napangiti sa sarili. Di nito maintindihan kung baket tila ayaw makipagkilala sa kanya nang lubusan ni Moraine gayong di naman siya nagpapakita ng masamang intensyon dito.

Napabuntong-hininga naman si Moraine nang maisara niya ang pinto. Saka kumain muna siya ng hapunan bago tiningnan muli ang pamangkin. Di ito nakatulog pero di naman umiiyak. Napangiti naman siya nang mapakla dito at umupo sa tabi ng bata.

“Hayy, pinapahiya mo lang yata ako kanina, eh.” Aniya rito. “Ba’t mo ba ginawa yon? Pumunta tuloy dito ang kapitbahay natin. Di ko pa naman siya masyadong gusto. Alam mo ba yon? Ha?”

Biglang tumawa ang bata na tila ba’y nanunudyo sa kanya at hinalikan na lang niya ito sa pisngi at iniwan na upang magtimpla ng gatas nito.

Nang makatulog na ang bata’y ipinagpatuloy na niya ang kanyang pagta-type sa istorya ng nobela niya. Next week na niya ito isusumete. Sana magugustuhan ito ng kanyang editor at nang magkapera na naman siya. Marami pa naman siyang gustong bilhin para sa bahay at sa bata.

Nagwawalis sa kanyang bakuran ang dalaga. At nakita niyang kapapasok lang ni Byron sa gate ng unit nito mula sa pagjo-jogging.

Binati siya kaagad nito ngunit di niya ito pinapansin. Ilang araw ng ganito ang ginagawa ng lalake pero di niya ito pinapansin.

Kung di naman nagjo-jogging ay nagwe-weight lifting ito sa sariling bakuran o kaya'y nag-i-skipping rope.

Napasimangot si Moraine dito. Wala bang trabaho ang lalakeng ito? Di naman ito mukhang mayaman. Ah, siguro yung magandang babae ang nagpapakain dito. Kaya pa-easy-easy lang ito.

'Hus, nakakahiya ang lahi ng lalakeng ito,' nasabi tuloy ng dalaga sa kanyang sarili at ipinagpapatuloy ang pagwawalis.

Nang matapos naman siya ay naglalaba siya at naglilinis ng loob ng bahay. Umiyak ang bata at pinapadede niya ito. Pagkatapos ay pinaliguan. Di nagtagal ay bumalik na naman ito sa pagtulog.

Naligo na siya pagkatapos ng mga gawain at bago siya makapasok sa kanyang kwarto upang makapagbihis ay may kumakatok sa kanyang kwarto bandang alas tres ng hapon. Dahil nakaroba naman siya ay binuksan niya ang pinto.

"Kung ganito ba ka-seductive ang magbubukas ng pinto, sasanayin ko na ang pagpupunta ko dito," nakangising saad ni Byron sa kanya.

Sinimangutan niya ang lalake.

"Anong sadya mo?" demanda niya rito.

"Ah... napapansin ko kaseng tila nababato ka na sa bahay. Routine na kase ang pinaggagawa mo, eh. Di ba? Kaya... iimbitahin sana kitang lumabas."



“Lumabas? Saan?” nagdududang aniya. “At saka... baket naman ako sasama sa yo? Di kita masyadong kilala, ano?”

Nawala ang magandang ngiti sa magandang mukha ng lalake habang nakatitig sa dalagang seryoso naman ang ekspresyon.

“Kapitbahay mo ako. Mabait naman ako. Dapat alam mo na yun. Ilang linggo na ako ditong naninirahan, di ba?”

“Kahit na. Di pa rin kita masyadong kilala. Kaya, salamat na lang sa paanyaya mo. At...” biglang napansin ng dalaga sa tapat na kalsada na pumarada ang isang kotse na pamilyar na sa kanya. “Andyan na ang babaeng laging bumibisita sa yo, o.”

Bago pa makapagsalita si Byron ay isinara na ni Moraine ang pinto. Muntik pang mahagip ng pintuan ang matangos na ilong ng lalake kung di pa ito maliksing nakaiwas. Saka napabaling na lang si Byron sa kararating na babae.

Ngunit laking gulat na lang niyang may kasama ito. Biglang nag-iba ang kanyang ekspresyon. Nagtitimpi siyang lumabas ng gate upang salubungin ang dalawang babae.

“What’s this? I thought you could be trusted.” Kompronta niya kay Rinesse bago sinulyapan si Minessa.

“Byron, honey...” anang Minessa sa kanya.

“I’m sorry, Byron. Things just got out of hand. I swear...” nagsisimulang paliwanag pa ng pinsan.

“Rinesse has truly nothing to do with this.” Ngumingiting anang Minessa. “Ako ang may gustong isama niya ako dito.”

“Really? I might believe that someday, Minessa. On second thought, I do believe it.” Aniya anang matitigan ang pinsang di mapalagay. “Minessa, get inside the car at may importante tayong pag-uusapan. Rinesse, give us some time.” Dagdag pa niya sa pinsan.

Tumango ang babae saka bigla nitong naisip na puntahan si Moraine at dalawin ang batang si Louise.

Sinundan na lang ng tingin ni Byron ang kanyang pinsan at pumasok na silang dalawa ni Minessa sa kotse.

## Chapter 4

“Hi. Pwede bang tignan ko ang bata?” nakangiting bungad pa ni Rinesse sa dalagang may-ari ng bahay.

“S-sige,” nasabi na lang ni Moraine at napansing di kasama nito si Byron.

Nakita na lang niyang nasa loob ito ng kotse at may kasamang ibang babae.

Nilingon ni Rinesse ang direksyong tinitignan ni Moraine at ngumiti nang matipid habang pumapasok sa loob.

“It’s Minessa. Byron’s supposed-to-be-fiancee.”

Tumango lang si Moraine.

“Alam mo bang matagal na siyang pinagtataguan ng pinsan ko? Because Byron doesn’t want to marry her.”

Natigilan si Morain pagkasara ng pinto.

“Pinsan mo si Byron?”

“Ahuh... at di ko alam kung baket ko ito sinasabi sa yo. I hope di ako nakaabala sa yo.”

“H-hindi. OK lang. Nasa kwarto ang bata.” Mabilis na aniya.

“Salamat.”

Sabay silang nagtungo sa kwarto. Tinitignan ni Rinesse ang natutulog na bata.

“Pwede ko ba siyang kargahin?” tanong nito sa kanya.

Kumibit na lang ng balikat si Moraine at natutuwang kinakarga ng isang babae ang natutulog na bata.

“Sa susunod, dadalhan ko na siya ng pasalubong. Di ko kase nadala yung mga pinamili ko kase sumama si Minessa sa akin.” Biglang ninerbyos ang boses ni Rinesse.

Napansin ito ni Moraine. Kaya nagtataka siya dito.

Napalunok si Rinesse. Saka nakatingin sa maamong mukha ng batang kinakarga sa mga bisig.

“I wish I could have a baby like her.” Mahinang anito. “Alam mo, ang swerte mo. Dahil kahit di mo siya anak, may oportunidad ka ng mag-alaga ng isang bata.” Bumaling rin tio sa kanya pagkasalita.

“M-may problema ka ba, Rinesse?” tanong niyang lumalapit dito.

Humahagulgol si Rinesse kaya agad na binawi ni Moraine ang bata mula dito. Saka mabilis itong naglalakad ng paroo’t parito habang nakasunod siya ng tingin dito.

“That woman blackmailed me! I hate her! Kung di ko siya isasama sa kinaroroonan ni Byron, she’s going to... she’s going to kill my husband. And... and I begin to care for him. Alam mo yun?”

Alam mo yung kahit ipinagkasundo lang kaming dalawa na ipakasal? Di ko siya mahal, Moraine. But I realized lately that I’m falling for my husband dahil sa kabaitan niya at pagkamaunawain.” Saka biglang napatawa ang babae na parang hysterikal. “We never made love even after our wedding!”

Napalunok naman si Moraine sa kanyang narinig at napakurap-kurap. Di niya akalaing makakarinig siya ng ganitong istorya.

Nai-imagine niya tuloy ang lovemaking. Saka bigla siyang napatigil sa kanyang imahinasyon. At mariin niyang ipinipikit ang mga mata nang ilang saglit.

“A-at... ibig din bang sabihin na... ipinagkasundo rin sina... Byron at ang... ang Minesang yun? Kaya ba nagtatago ang pinsan mo... d-dahil ayaw niyang pakasalan ito?”

“Yes! That’s right!” tumigil si Rinesse sa kalalakad at humarap sa kanya. “And how I hate that woman!”

Napalunok ulit si Moraine. Ayaw niyang madamay sa problema ng pamilya nito. Napahigpit niya ang paghawak sa bata at bigla itong umiiyak. Pinatahan niya ito.

Naiiling si Rinesse. At kahit papaano ay naawa si Moraine sa ababeng di naman niya lubos na kilala. Ang alam niya lang ay gusto nito si Louise. Kaya medyo sumisimpatya siya dito.

“D-di ko alam kung paano kita matutulungan. Pero gusto sana kitang tulungan. Pasensya ka na.” Nasabi na lang niya sa maliit na boses.

Tumango si Rinesse.

“It’s not your fault. I’m sorry to bring this up. Wala lang talaga akong mapagsabihan kahit ang best friend ko pang si Celine. And I can’t even tell Byron dahil alam kong magagalit siya pag nalaman ang sitwasyon ko. I know Byron very well. He wants to make all things work out the way he thinks is right.”

“At sa tingin niya, maiiwasan niya ang babaeng iyon kung nagtatago siya?”

“No, he knows he can’t get away from Minessa. Ang gusto niya lang ay ang makapag-isip nang mabuti. Kung ano ang dapat na gawin sa kanyang sitwasyon ngayon.”

“Di ko maintindihan. Kung ayaw niyang pakasalan ang babaeng yun, ba’t din a lang niya basta sabihin yon nang deretsahan?”

Napangiti nang mapakla si Rinesse at hinawakan siya saglit sa braso saka tumango ito.

“Hindi mo nga naiintindihan. Nagkasundo lang talaga kase ang parents nilang dalawa na ipakasal sila dahil sa negosyo. That sort of thing. I think it’s common knowledge what’s behind that reason. It’s really just for practicality reasons.”

Nang makaalis na sina Minessa at Rinesse ay di na maipinta ang mukha ni Byron. Wala talaga siya sa mood. Umiinom siyang mag-isa sa kanyang unit nang di kumakain hanggang hating-gabi. Nakatulog na lang siya sa sofa nang laseng.

Nagising na lang siyang masakit ang kanyang ulo at tumutunog ang kanyang cellphone. Namimilipit siya na inabot ang cellphone na inilagay niya sa center table.

“Hello.”

“Byron, *hijo* nabalitaan ko ang nangyari kahapon.”

“Mama? Pa’no mo nalaman ang bagong number ko? Ah, oo baka ipinaalam na lang sa yo ni Rinesse. Aghh...” sabi niya.

“Oo. At ba’t parang namimilipit ka yata diyan? Umiinom ka na naman, ano?”

“Mama, ba’t kayo napatawag?” nakasimangot pa ring tanong ng binata na tumayo upang magtimpla ng kape.

“Alam na naming lahat kung saan ka ngayon. Di ba mas mabuting umuwi ka na ang dito sa bahay natin? Gusto kang kausapin ng ama mo. You have to face him about the marriage matter.”

Hindi sumagot ang lalakeng nagtitimpla ng kape.

“*Hijo*, kelangan mo ng harapin ito.”

Iniinom na ng binata ang kanyang kape habang pili na ininda ang sakit ng kanyang ulo at pinakikinggan ang sinasabi ng ina.

“Maganda si Minessa, may magandang pamilya...”

“Mama, akala ko ba hindi mo ako pipilitin sa kasal na ito?”

“No, of course I am not forcing you into this marriage. But I am just making a point!”

Patlang.

“What’s with you, Byron? There’s no someone else, is there? You don’t have someone that could possibly hinder you on this marriage. You’re not telling us anything about it. Besides, this marriage is for your own good, for Minessa and for the whole family!”

Napabuntong-hininga ang lalake.

“Mama, mahal mo ba si Papa nang pakasalan mo siya?”

At bumuntong-hininga naman ang kanyang ina.

“Oo.”

“Then I will marry whoever I would damn love, Mama! And it doesn’t matter if I have someone else that I care about now. And I’ll get home when I feel I’m ready to. And then, I’ll face and talk with Papa. That’s in my own time. Not yours.”

Ini-off na ng binata ang kanyang cellphone at tinungga na ang buong laman ng tasa. Nagpunta siya sa banyo upang makapag-shower at nang makaalis na siya ng bahay.

Nagwawalis ng bakuran si Moraine nang umalis si Byron sakay sa big bike nito. Naisip niyang tila milagro sa araw na ito dahil di man lang siya nito nilingon o nginitian man lang ng nanghahalinang ngiti nito. At di rin siya binati nito na para bang wala itong nakikitang kahit na ano o kahit na sino sa mga sandaling iyon.

Papasok na sana siya ng kanyang bahay nang may pumaradang kotse sa tapat. Bumaba ang driver na may edad at tinawag siya.

“Po? Ako po ba?” aniya rito na lumapit sa gate.

“Oo. Gusto kang kausapin ni Señora Bonita.”

“H-ha? Di ko siya... kilala.” Aniyang nakatingin sa mukhang aristokratang babae sa loob ng kotse, sa backseat ito nakaupo, bukas ang bintana nito.

“Sige na, miss. Kahit sandali lang.” Anang driver.

Tumango na lang siya at lumabas ng kanyang gate. Saka lumapit siya sa babaeng mayaman – masasabi niya ito kahit saang anggulo titignan.

Matangos ang ilong nito, maputi at maganda ang mukha at may kompiyansa itong tila parating dala-dala kahit saan ito pumupunta.

Sino kaya ito, ang tanong niya sa kanyang isipan?

“Magandang umaga po.” Bati pa niya.

Bahagyang tumango lang ang babaeng nakatitig sa kanya na tila ba kinikilatis siya nito.

“May nakapagsabing kapitbahay mo ang anak ko.”

“Po? Sino po? Si Byron po bang tinutukoy n’yo?”

“Wala ng iba.”

“Pasensya na po kayo. Kaaalis lang niya, eh. Napansin ko siya kanina kase nagwalis ako ng bakuran.” Paliwanag pa niya.

“Oo, alam ko. Dahil wala ang big bike niya riyang.”

Natigilan ang dalaga sa kanyang narinig.

O, eh ano ngayon? Baket siya pinapatawag nito? Anong pakay nito sa kanya? Ang sabihin lang nitong alam nitong kapitbahay siya ng anak nito?

“Gusto kong himingi sa yo ng pabor.”

“P-pabor po?” Confused na siya.

“Oo. Nalaman kong manunulat ka. May pamangkin kang kinukupkop ngayon at walang maigeng trabaho ang kapatid mo. Ang kakambal mo. Kung gusto mong kumita ng extra, pwede kitang tulungan. Kapital sa pabor na hihingin ko sa yo. Papayag ka ba?” walang paligoy-ligoy na anang Bonita.

Napakurap-kurap ang dalaga. Tila siya pa ang nilililo sa sitwasyon ngayon. Mabilis ang ibinigay sa kanyang instruksyon ng may edad na babae habang tila walang naririnig naman ang driver na nasa upuan nito.



“Pag-isipan mo ang inaalok ko sa yo. At salamat sa pakikinig mo. Inaasahan kong magkikita tayong muli sa sitwasyong gusto ko.”

Napalunok si Moraine. Tila wala siya sa kanyang sarili habang bumalik sa kanyang unit. Tila nagising na lang siya nang marinig ang iyak ng kanyang pamangkin.

Binihisan niya si Louise. Pagkatapos ay naglalaba na bago naligo at nang makaharap na naman niya ang kanyang computer. Pero tila di siya makapag-concentrate dahil sa mga sinabi sa kanya ng ina ni Byron.

Pero hindi siya dapat magpapadala sa mga mayayaman. Gusto lang nilang kontrolin ang buhay ng mga mahihirap. Pero di niya iyon tatanggapin. Mabubuhay rin siyang wala ang “tulong” ng ina ng kanyang kapitbahay.

Baket pa nga ba siya makikigulo sa mga ito gayong OK lang naman ang buhay nila nang di pa dumating si Byron sa kabilang unit ng duplex?

Marami pa siyang pwedeng gawin para lang mabuhay silang magkakambal at magtiya nang walang “tulong” galing sa pamilya ni Byron. Di siya magpapatangay sa anumang offer nito para lang “makatulong” lang sa sitwasyon ng lalake.

Kunsabagay, pakialam ba niya kung anong mangyayari sa buhay nito? Tama nang may iniintindi siyang sariling buhay – sa kanya, sa kanyang kakambal at sa kanyang pamangkin.

Kinagabihan ay narinig na lang niya ang isang katok. Baka naiwala ni Morsel ang susi nito. Kaya binuksan niya ang ito.

Laking gulat na lang niya nang makita si Byron, habang nakatukod sa dingding ang isang kamay malapit sa pinto.

Napapansin niyang tila di ito masyadong makatayo nang mag-isa kaya nakakapit ito sa may pintuan.

“Ayokong magpakasal kay Minessa. Alam mo ba yun?” anitong niyayakap siya’t hinahalikang bigla.

Naaamoy at nalalasan niya ang ininom nitong gin. At natigilan siyang nakatirik ang mga mata.

Ang bilis ng tibok ng puso niya at di niya maintindihan kung anong nararamdaman niya sa pagkakataong iyon...

Baket ba ito nangyayari sa kanya? Anong meron siya at tila minamalas siya? May nagawa ba siyang kasalanan na malaki sa mundo o kaya’y sa previous life niya? Anong klaseng karmang itong dinaranas niya ngayon?

Isa pa, malaki ang tiwala niya sa Diyos at sa kanyang sarili na makakaraos din sila sa kahirapan balang araw...

## Chapter 5

Hindi makatulog si Moraine sa gabing iyon. Di dahil sa laging umiiyak ang kanyang pamangkin kundi binabagabag siya ng kanyang isipan sa halik na iyon ni Byron.

Itinulak niya ang lalake at pinagsabihang umuwi na bago niya ibinalibag ang pinto sa mukha nito. At pagkalipas ng ilang saglit ay narinig na niyang pumasok ito sa kabilang unit.

Napabuntong-hininga siya. Baket ba di niya talaga makalimutan ang halik at yapos ng lalake sa kanya? Baket ba siya naapektuhan nang ganito?

Ah, siguro ay dahil ito ang first kiss niya!

Pinapaypayan niya ang sarili sa pamamagitan ng kanyang palad. Bigla siyang naiinitan. Napabuntong-hininga siyang muli. Gusto niyang sumigaw – ng ano, di niya alam. Di niya maiintindihan ang kanyang nararamdaman ngayon.

At saka pagkalipas ng ilang oras na di makatulog ay narinig na lang niya na umiiyak ang bata. Pinatahan niya ito hanggang medaling-araw. Kaya di na talaga siya masyadong nakatulog. Para pa siyang nahihilo pagbangon niya ng alas-syete para makapaghanda ng sariling pagkain.

Nabitiwan pa niya ang frying pan nang isalang niya sana ito sa kalan. Nalililo ang kanyang pakiramdam at umiiyak ang bata dahil sa ingay na iyon. Nabigla na lang siya nang may sumikad sa kanyang pintuan at nagmamadaling pumasok si Byron doon.

Nakita siya nitong halos nakahandusay sa sahig na half-conscious lang at tinatawag ang pangalan ni Louise.

“Moraine! Anong nangyari?” tanong pa ng lalake na untidy pa dahil sa di ito nakapagbihis ng suot nito kagabi.

Alalang-alala ito sa kanya.

“Umiiyak si Louise...” bulong pa niyang nanghihina.

Kinarga siya ng lalake patungo sa kwarto. Saka pinahiga siya nito sa kanyang kama at pinatahan ng lalake ang bata sa pamamagitan ng tinimplang gatas.

Ilang saglit pa'y nakabalik na ito sa pagtulog. Ginawan pa ng binata ng macaroni soup ang dalaga.

“Sa tingin ko, kelangan mo ng katulong dito,” saad pa ng lalake habang kumakain siya.

“Katulong kamo?” gustong sumigaw ng dalaga rito. “Ikaw ba ang nahihilo rito o ako?” aniya.

Sumimangot naman ang binata.

“Ilang buwan mo ng inaalagaan ang bata? May trabaho ka pang ginagawa sa bahay. Tapos nagsusulat ka pa. I think it's just all too much for you. You're stressed. I think anyone could see that.”

“Ano? Nagagawa ng iba ang ginagawa ko. Walang deprensya.”

Madaling sabi niyang di tinitignan ang lalake. Feeling awkward pa naman siya pagkatapos sa nangyari kagabi. Di niya malimut-limutan ang pangyayaring iyon kahit kelan.

“Obviously with you, meron. Ikaw ang deprensya.” Matigas na sabi ng binata kaya napasulyap siya dito.

“Salamat sa tulong mo. Di ko kailangan ito.”

“Huh, is it pride or... is it about last night, Moraine?” napangisi nang mapakla ang lalakeng nakatitig pa rin sa kanya.

Di nakasagot kaagad ang dalagang umiwas sa pagtingin dito. Feeling niyang nagba-blush siya sa sinabing iyon ng lalake.

“Pakiayos na lang ng pintuang sinira mo kanina. At salamat ulit sa lahat.” Mahinang aniya.

“I’ll make sure of that. Don’t worry. But you can’t order me to get away. At least kung sigurado na akong maayos na ang lahat dito.” Pagkasabi’y tumayo na ang lalake bago pa man may maisagot ang dalaga rito.

Lingid sa dalaga’y ngumisi ang lalake habang papaalis ito upang ayusin ang nasirang pintuan.

Hindi namalayan ni Moraine na nakatulog pala siya. Sa halip na magwo-work out pa ang binata ito na ang naglilinis ng bahay, nagluluto at nagbabantay sa bata. Nagisnan na lang niyang karga-karga nito si Louise.

“Nakatulog pala ako? Ako na ang bahala kay Louise.” Aniyang bumabangon.

“Hindi. OK lang. Pero gusto ko sana siyang paliguan kaya lang di ako marunong.” Nakangising anang lalake.

“Kaya kukunin na nga, eh!” aniya at kinuha ang bata mula sa lalake.

Nakapanood lang ang lalake habang pinapaliguan niya ang batang aliw na aliw naman sa tubig. Natutuwa na rin ang lalake habang nakatingin sa bata na aliw na aliw.

“So, it’s here you’ve been hiding.” Sabi ng isang boses-babae.

Napalingon kapwa sina Moraine at Byron sa boses na yaon at nakita nila si Minessa.

“You’re breaking an entry, Minessa.” Tahimik na sabi ng binata na masama ang tinging ipinukol sa babae.

“I don’t care! May nakapagsabi lang kaseng naglalagi ka sa... bahay bang maituturing ito?” anitong inilibot ang masamang tingin sa paligid.

Napalunok si Moraine. Nagtitimpi sa asal ng babaeng di naman inimbitang pumasok sa bahay niya. At heto, nag-iinsulto pa.

Kung pwede lang ba, tatamaan ito sa kanya, eh.

“Umalis na kayong dalawa dito.” Mahinang utos niya sa dalawa.

“Moraine...” nag-uumpisang sabi ni Byron.

“You heard what she said, Byron honey. Let’s go. Gusto ko ng umalis dito. Samahan mo naman ako sa mall. Ikaw na ang mag-drive sa kotse ko.” Anang babaeng umabre-syete kaagad sa binata.

Napatingin si Byron kay Moraine na pinupunasan na ang bata.

“Babalik ako kaagad.” Sabi ng binata ngunit di kumikibo ang dalagang nagpapatuloy sa ginagawa.

“What are you doing here anyway? Watching a woman bathing her baby! You know, I can’t do that when we have a baby of our own...”

Narinig pa ni Moraine habang papalayo ang dalawa.

Kinagat pa niya ang sariling labi sa galit. Gusto niyang mambato ng tao. Particularly, ang aroganteng babaeng iyon! Sino ba ito sa akala nito? Para namang inaagaw niya ang boyfriend nito na hindi naman boyfriend!

Baket din kase ipinagsisiksikan ang sarili nito kay Byron gayong alam naman nitong ayaw ng lalake rito. Ganito ba talaga ang mga mayayaman?

Parang nag-aaso sa inis ang tenga niya. Nang makatulog na si Louise ay naligo tuloy siya at nang maibsan ang init ng ulo niya.

“Hello? May tao ba dito?” anang Lussel na pumasok sa bahay ni Moraine.

Kalalabas lang ng dalaga sa banyo nang pumasok ito.

“Meron.” Walang ganang tugon ng dalaga sa kanyang kaibigan. “Anong sadya mo? Wala ka bang trabaho ngayon?”

“Tinamad ako, eh. At naisipan kong dalawin kayong dalawa ni Louise. Saan siya? Tulog ba?” Ang anito na umupo sa isang silya sa may hapag-kainan.

“Oo.”

“Anong gagawin mo pagkatapos?”

“Ano pa, eh di, magsusulat.”

“Hmm, nababato ako, eh. Pwede ba akong dumito muna?”

Kumibit siya sa kaibigan at pumasok sa kwarto upang makapagbihis.

“Siyanga pala, may narinig ako galing sa ibang kapitbahay dyan. May macho at gwapito ka daw na bagong lipat diyan?” Nakangising anang Lussel.

Taas-baba pa ang mga kilay nitong tinutudyo siya. Kahit di ito nakikita ng dalaga ay alam niya ang ekspresyon ng mukha ng kaibigan.

“Ahuh.” Patay-malisyang ani naman niya.

“Type mo, no?”

Natigilan siya pagkasuot niya ng kanyang shorts.

“Ano? Ba’t mo naman nasabi yun?”

“Panay pa-sexy mo ‘ata ngayon.”

Napatawa siya.

“As if di pa ako nakapag-shorts kahit kelan. Tumigil ka nga, Lussel. Ano ba talagang sadya mo?”

“Kwentuhan mo naman ako.”

“Hmm... not worth it.” Aniyang nagsusuot ng sleeveless top at pagkasuklay ng buhok ay lumabas na siya.

“Ows? Sige na.” Pamimilit pa ng kaibigang naiintriga.

“Andito ka lang ‘ata dahil gusto mo lang makipagkwentuhan. Di ka na makapag-antay pa ng ibang araw kaya umabsent ka pa sa trabaho. Loka ka talaga!”

“Sige na, magkwento ka na at nang di masayang ang pag-aabsent ko.” Ngumising anito at kumindat pa.

“Wow, ha. Intrigera ka talaga!”

“Kilala mo ako. At saka, di naman ako magkukwento sa iba diyan. Di ako madaldal. Naghahanap lang ng kwento.”

“Hay naku. Sige na nga at nang matigil ka na.”

Patlang.

“O, ano? Kwento ka na.”

Bumuntong-hininga muna si Moraine bago nag-umpisa.

“Well, his name is Byron. Di ko alam kung may trabaho siya o ano. Di ko rin alam ang detalye ng background niya. May pinsan siyang dumadalaw sa kanya rito paminsan-minsan na may gusto kay Louise. At may fiancée siya. Yun! Masaya ka na?” Taas-kilay na aniya sa kaibigan.

Napasimangot si Lussel.

“Hayy... ang panget mo namang magkwento. Totoo ba lahat yan?”

Umirap siya rito.

“Anong gusto mong palabasin? Isa sa mga kwento ng nobela ko? Yun na nga ang storya ng lalakeng yun.”

“Hmm... something is missing...”

“At ano kaya yun?” Patay-malisyang aniya sa kaibigan.



“Dapat magka-boyfriend ka na.” Seryosong anito.

“Heh! Walang kwentang pinagsasabi mo. Talaga lang! As if ang boyfriend ay makakatulong para ako magkapera at mapapadede si Louise.”

Napatawa si Lussel sa kanyang sinabi.

“Sugar daddy kelangan niyan.”

Napatawa siya at hinagis niya ang table napkin na nakalagay sa mesa na naabot niya.

“Loka ka talaga! Hindi ako ganun ka desperada, ano? Tsaka, medyo mabait na ngayon si Morsel. Tumutulong na siyang bumibili ng gatas para kay Louise. Kaya malayong-malayo sa isipan ko ang sugar daddy, ano? Sira ka talaga.” Nailling na lang na aniya sa kaibigan.

“Pero aminin mo. May gusto ka sa kapitbahay mo, ano?” Kulit pa rin ng kanyang kaibigan.

Nakapamewang na siyang sumagot dito at nakangisi.

“Paano ko sasabihin kung... ako ang type niya?”

Napamangha si Lussel sa sinabi niya.

“O, di ka na makapagsalita dyan.” Natatawang aniya rito.

“Di nga!”

“Hindi. Biro ko lang yun.” Taray naman niya pero nakangisi pa rin sa ekspresyon ng mukha ng kaibigan.

“Ang panget mo talaga! Totoo ba yan?” Kulit ulit ng kaibigan niya sa kanya.

“Lussel, tumigil ka na!”

“Hindi! Hindi ako titigil hangga’t di mo sinasabi ang totoo sa akin. Or, pagbabayaran kita sa absent ko sa araw na ito?”

“Hoy! Sinuswerte ka ba?”

“Sige na. Sabihin mo na ang totoo. Teka, kung may gusto sa yo ang lalakeng yun, siguro gusto mo rin siya. Kase ganito yun, eh. Negative vs. positive. Parang battery?”

Napatawa nang husto si Moraine sa sinabi nito.

“Hilo ka ba? Battery ba kami?”

“Hmm, hindi. Loka! Metaphor yun. Ano ka ba!”

“Oo, alam ko. Binibiro lang po kita.” Nakatawang aniya sa kaibigan.

“Klaro. Seryoso. Gusto ka niya at gusto mo rin siya, ano?”

Di nakapagsalita si Moraine. At ayaw niyang sagutin ang tanong na iyon.

Napabuntong-hininga na lang si Lussel. Mukhang alam na niya ang sagot sa sariling tanong niyang iyon kay Moraine.

“O, napadalaw ka.” Napangiting anang Moraine kay Rinesse isang araw.

“Hi. May dala-dala ako para kay Louise.” Excited na anitong tumuloy at ipinakita sa kanya ang lahat ng pinamili nito para sa bata.

“Hindi ka na sana nag-abala pa. Pero salamat sa yo.” Aniya rito nang seryoso.

“Eh... di ako sure kung anong gatas niya, eh. Kaya itinanong ko kay Byron. Buti at alam niya. Kaya namili na rin ako ng gatas para kay Louise.”

“Ah... s-salamat ulit.” Matipid na aniyang napapahiya.

“Huwag kang mahiya. Tsaka alam kong kaya mo pa siyang alagaan nang wala ang mga pinamimigay ko. Gusto ko lang talagang makialaga sa kanya, Moraine. Sana maintindihan mo ako.” Maunawaing sabi ni Rinesse.

Kahit papaano ay naibsan ang hiyang nararamdaman ni Moraine sa mayamang babae.

“Ay siyanga pala. Wala ‘ata si Byron sa unit niya. Parang narinig ko kase kaninang umandar ang big bike niya.”

“Ah, oo. Alam ko. Di ko rin kase napansin sa labas ang sasakyan niya. Alam mo bang maraming sasakyan yun? Kaya lang, ang big bike niya ang kanyang pinakapaborito. Taka nga ako kung paano pag may date siya?” natatawang kwento pa ni Rinesse tungkol sa pinsan.

“Hey, do you know where Byron is?” biglang pumasok si Minessa sa loob nang walang katok man lang sa pinto. Na tila ba sarili nitong pamamahay ang kinaroroonan.

“Minessa? Di ka ba marunong kumatok ng pintuan?” inis ang rumehistro sa mukha ni Rinesse.

“Rinesse? What are you doing here?” nasurpresang tanong ng kararating lang na babae.

“Ikaw ang dapat kong tanungin niyan. Wala si Byron dito. At baket ka basta-bsta na lang pumasok dito as if this is your own house?!”

“Well, naisip ko lang na baka andito si Byron.” Ang tugon.

Nagtitimpi na naman si Moraine. Lalo na’t siya na naman ang tinitignan ng babaeng hindi imbitado sa bahay niya.

“You are becoming so pathetic, Minessa. Don’t you know that?” taray pa ni Rinesse dito.

Napamaang ito sa narinig.

Gustong pasalamatang ni Moraine sa pagkakataong iyon si Rinesse. Dahil yon din sana ang gusto niyang sabihin sa babae.

“Rinesse, you don’t mean that, do you?”

“Of course I do! And are you stupid or what? At di mo lang alam na ibang babae ang gusto ng pinsan ko. Kaya dapat tantanan mo na siya. Dahil babaliktad man ang mundo, di siya

magpapakasal sa yo. At kahit siguro ikaw na lang at siya ang natitira sa balat ng lupa, hindi ka niya papansinin kundi ang balat ng lang lupa! Kaya umalis ka na dito. Hindi naming kelangan ang presensya mo.”

“Huh? Anong sinasabi mo, Rinesse? Nakakalimutan mo na ba ang tungkol kay Jerome? I know you love him. But he doesn’t know about it, does he? Well, I can make things up. And I can mess things up, Rinesse. You know me very well. Kung gusto mo pang magtatagal ang pagsasama n’yo, you better be on my side. Or else...”

Biglang napatawa si Rinesse.

“Hindi ikaw ang taong makakasira sa pagsasama naming ng asawa ko, Minessa. You should give up that piece of nonsense blackmail. My husband knows everything already. So, you can’t ever take him away from me! Makipagpatayan muna ako sa yo, Minessa bago mo siya mapaglalaruan. And... don’t ever forget. Byron knows where to find you, just in case. At may witness ako ngayon dito, si Moraine. So you better be careful what you’re gonna do or say.”

Parang namutla ang babae sa mga sinabing iyon ni Rinesse. At walang paalam itong umalis katulad ng pagdating nito.

Napakurap-kurap naman si Moraine at napatingin kay Rinesse na kabado naman ang ekspresyon ng mukha pagkaalis ng babae. Pero kapwa naman sila tila nabunutan ng tinik nang umalis ito.

“Totoo ba talaga lahat ng sinabi mo sa kanya?”

“Not all, mind you. Nagtatapang-tapangan lang ako. Kase kung dalawa na tayong inaapi niya, I doubt kung mabubuhay pa tayo bukas nang walang takot sa kanya.”

“Well, at least... siya na ngayon ang natatakot. At sa tingin ko, kay Byron.”

“Huh, dapat lang siyang matakot sa pinsan ko. Di niya alam kung anong pwedeng maisip at gawin nun.”

“Nakakatakot ba talaga ang pinsan mo?”

Napatawang nakatingin sa kanya si Rinesse.

“Not with his loved ones, of course. On second thought, not with people he likes the most.”

Hindi kayang magtanong ni Moraine sa ibig sabihin nito. Pumasok na ang kausap sa kwarto nila ni Louise upang tignan ito.

Di niya alam kung hanggang kelan ganito ang kanilang sitwasyon. At di niya alam kung hanggang kelan niya maitatago ang kanyang nararamdaman tungo sa kapitbahay niya.

## Chapter 6

Natapos rin ni Moraine ang kanyang nobela. I-email na lang niya ito sa kanyang editor at ito na ang magpi-print pagka-edit nito. Tapos ay ihuhulog na lang nito sa bank account niya ang perang nararapat ay sa kanya. Tila alam na kase ng editor niya na magiging “hot cake” ang nobela pagkalabas nito.

“Nabalitaan kong nagpunta dito si Minessa last week. Ba’t di mo sinabi sa akin na pati ikaw ay ginugulo niya?” sumbat pa ng lalake pagkakatok nito ng pintuan niya’t binuksan niya ito.

Pumasok ito nang di man lang inimbata. Ito ang ugali nitong katulad ng kay Minessa. Arogante.

“Hindi na importante yon. Di naman siya bumalik dito mula noon.” Kumibit na aniya. “At gabi na. Umalis ka na.”

Biglang sumilay ang ngiti sa labi ng binata at sinikaran nito ang pinto upang sasara ito. Napamaang ang dalaga sa ginawa nito.

“Baket? Wala naman tayong masamang ginagawa, di ba? O... nag-aalala ka na may masama akong gagawin sa yo?” delikado na ang mahinang boses nito.

Kinakabahan na tuloy si Moraine. Lalo na’t hinahaplos nito ang pisngi niya na tila ba ay gusto na naman siya nitong halikan. Tulad noong laseng ito. Pero iba sa pagkakataong ito. Hindi ito laseng na basta na lang niyang maitutulak kung sakali.

“B-Byron...”

“Sexy neighbor, di mo pa rin ba makuha?”

“A-ang alin? A-at wag mo nga akong tawagin nang ganyan.” Aniyang ibinaba ang tingin sa dibdib nito.

Bahagyang napatawa ang lalakeng titig na titig sa magandang mukha ng dalaga. At patuloy na hinahaplos ang makinis na pisngi niya.

“But I want to call you that. Because it’s true. Gusto mo bang patunayan ko sa yo yan?”

Napasulyap siya sa mukha ng lalake. Di na ito nakangiti ngayon.

“Byron, please...”

“Please what?”

“Huwag mo akong halikan.” Parang inipit ang boses niya.

“Your eyes tell me otherwise,” bulong pa nito.

Napalunok ang dalaga nang inilapit nito ang mukha sa kanya. Saka kusang pumikit ang kanyang mga mata upang tanggapin ang halik ng binata.

Maingat siya nitong hinahalikan na tila ba inaamo upang tumugon din dito.

Kalong ng dalawang kamay nito ang kanyang magkabilang pisngi upang di siya makaiwas sa halik nito. Gusto niya itong itulak pero sa halip ay napakapit siya sa balikat nito.

“Moraine, may...” natigilan si Morsel nang makitang may kahalikan ang kanyang kakambal.

Tila binuhusan ng malamig na tubig ang dalaga pero nag-iinit naman sa hiya ang kanyang pisngi. Samantalang tila naaaliw pa ang ekspresyon sa mukha ni Byron nang sulyapan niya ito. Kapwa sila ngayon napatingin sa lalakeng kararating lang.

“... dala akong gatas para kay Louise. Teka, sino ba siya?” ang tanong agad ni Morsel nang makabawi rin, pero si Byron ang tinitignan.

“Siya ang umuupa sa kabilang unit ng duplex.”

“Tawagin mo na lang akong Byron.” Ang anang binata na lumapit kay Morsel upang makipagkamay.

“Morsel, kapatid ni Moraine.” Tumangong ani Morsel na tinanggap ang kamay ng lalakeng estranghero.

“Kakambal niya. Alam ko.” Ngumiting anang Byron.

“Sige, titignan ko lang ang anak ko. Moraine, may makakain pa ba?” baling nito sa kapatid.

“Ipaghahanda na kita.” Kahit labag sa loob niya, para lang makalayo kay Byron sa oras na iyon.

“Salamat.” Sabi ni Morsel na di makapaghintay na makita ang anak.

Samantalang nagtungo na sa kusina si Moraine upang ipaghanda ng makakain ang kapatid. Dahil tapos naman na siyang kumain kanina lang. Di niya napansing sumunod pala sa kanya si Byron. Kung di pa siya nabangga sa matigas nitong katawan ay di niya ito nalaman.

“Ano ba? Babalik sana ako sa yo para paalisin ka na.” Aniya rito.

Ngunit ngumisi ang lalakeng nakayakap sa bewang niya.

“Don’t worry. Tama nang mapahiya ka kanina sa kakambal mo. Di ko na uulitin yon habang naririto pa siya. Good night.” Sabi nitong hinalikan na naman siya sa labi saka binitawan na siya.

Napamaang siya at napasunod ng tingin sa lalakeng pabalik na sa unit nito.

Di niya talaga ito maintindihan. At paano nito nalamang napahiya siya kay Morsel kanina? Dahil nag-blush siya? At alam kaya ng lalake ang kanyang nararamdaman para dito?

Sana wag naman, usal pa niya.

Napabuntong-hininga siya pagkatapos.

“Morsel, handa na ang pagkain mo.” Tawag pa niya sa kapatid nang maihanda na ang hapunan nito.



“Boyfriend mo na ba siya?” tanong nito pagkatapos ng ilang saglit habang kumakain na.

“H-ha? Sino?”

“Eh, di ang Byron na yun.”

“Kumusta ang trabaho mo?” iwas pa niya sa tanong nito.

“OK lang. Di ko alam, pero binigyan ako ng magandang posisyon sa pinasukan ko. Nasa opisina na ako at taga-inventory ng mga produkto. At di ako nahihirapan dahil isang kompanya lang ang pinag-iimbentaryuhan ko at di kasali ang branches nito.”

“Anong pangalan ng kompanya? Anong produkto?”

“Sa mga Zobel. Yung canned goods nila.”

Napamaang si Moraine. Mayayaman ang mga Zobel. Iba’t iba ang uri ng negosyo ng mga ito. Swerte nga ang kapatid niya kung ganon.

“Kelan mo pa nakuha ang posisyon na yan?”

“Mag-iisang buwan na. Kaya nga napakaswerte ko, eh. Mula pagka-delivery boy, taga-inventory na ako ngayon.”

“Sinong nag-promote sa yo?”

“Yung branch manager.”

“Baket daw?”

“Dahil maganda daw ang performance ko. Teka, baket ka ba nagtatanong ng ganyan?”

“Paanong magandang performance? Taga-deliver ka nga lang.” Aniyang tila di naririnig ang huling tanong nito.

“Baket ba? Sabi nung manager, di lahat ng delivery boy ay may tamang produktong idini-deliver at saka sakto ang lahat. Walang labis, walang kulang.”

Nagdududa si Moraine na may pakana ang pamilya ni Byron sa promotion ng kanyang kakambal. Ang ina kaya nito ang nag-utos upang di na siya makapag-hindi sa pabor na hinihingi nito?

“I see. Naitanong ko lang, Morsel.” Pilit ang ngiting aniya sa kakambal.

Alalang-alala si Moraine. Kanina pa iyak nang iyak ang pamangkin niya. Tila di niya alam ang gagawin. Nang salatin niya ang noo nito’y nararamdaman niyang mainit na mainit ang bata.

“Louise, ba’t ka ba nilalagnat?” Tarantang tanong niya sa bata kahit alam niyang walang sagot na matatanggap.

Tumakbo siya sa kabilang unit. Di niya napansin ang kotseng nasa tapat. Hihingi na siya ng tulong kay Byron. Ang importante ay ang kanyang mahal na pamangkin.

Ise-set aside niya muna ang kanyang nararamdaman at ang kanyang pride sa pagkakataong ito.

Kinatok niya ito habang kalong-kalong ang bata at nang maitulak niya ang di nakapinid na pintuan ay nakita na lang niyang nasa sopa nakaupo ang lalake at nakaupo sa hita nito ang nakayakap na si Minessa.

“Moraine?” natigilang anito.

Napalunok ang dalagang luhaan. At bahagya lang napansing itinulak ng lalake si Minessa na muntik nang madapa sa sahig kung di ito nakakapit sa arm ng sofa.

“Byron!” anang Minessa na galit ngunit di ito pinapansin ng binatang di maipinta ang mukha.

“P-pasensya na kayo. D-di ko lang kase alam na... sige, mauna na ako.” Di niya kayang magpaliwanag sa lalake.

Pero hinawakan nito ang braso niya upang pigilan siya.

“Anong problema? Si Louise ba?” alalang tanong pa ng lalake pero di pa rin maipinta ang ekspresyon ng mukha nito.

Galit ba ito dahil sa naudlot na kaligayahan sana nito sa piling ni Minessa? Naitanong pa ng isipan ng dalaga. Kahit tila may kirot siyang nararamdaman ay pilit niya itong isinasantabi alang-alang kay Louise.

“Mainit si Louise, ah. Dadalhin natin siya sa ospital ngayon din,” anang lalake na sinalat pala ang bata nang di niya namalayan.

Bumaling ang lalake kay Minessa at tinanong kung saan ang bag nito. At saka kinuha na ang susi ng kotse nito nang walang paalam. Nagtataka naman ang babae na may-ari ng kotse sa ginawa ng lalake.

“Byron, what are you going to do with my keys?”

“Shut up! You can help me by this. And I’ll deal with you later. You better stick your butt on that sofa!” galit na tugon ng lalake. “Wait for me until I get back!”

Napamaang ang babae habang halos kinaladkad ng lalake ang babaeng may kalong na bata, na nakakairita na ang lakas ng iyak.

Ipinapasok ng binata si Moraine dala ang bata sa loob ng kotse at iminaneho na ang sasakyan patungo sa pinakamalapit na ospital. Doon ay agad na inaasikaso ng family doctor nila ang bata.

“Kelangang mananatili muna ang bata dito upang mababantayan natin ang situation niya. Slight fever lang naman at buti di siya kinukumbulsyon nang dalhin dito,” saad ng doctor. “Some are accompanied by colds or diarrhea – loss of body fluids.”

“A-ano po bang dahilan ng lagnat niya?” luhaan pa rin si Moraine.

“Early sign ng pagtutubo ng ipin niya. Magsi-six months pa lang siya ay maaga pa ito para sa kanya.” Ang paliwanag ng doctor.

“Normal lang po ba yon, dok?” tanong ng binata sa matandang doctor.

“Normal lang ang reaction niya sa katawan niya sa pagtutubo ng ipin niya. Pero medyo abnormal ngang maaga siyang magkakaroon ng ngipin. But then, sometimes may mga batang ganito. Kaya wala kayong dapat na ipag-aalala. At Byron, di ko alam na nag-asawa ka na pala.”

Napangiti lang nang mapakla ang binata. At medyo uncomfortable ang dalaga sa sinabi ng doctor. Pero nagtataka naman siya kung baket di man lang itinama ng lalake ang pagkakamali ng family doctor nito.

Lalo siyang naiinis sa lalake kahit may naitulong ito sa kanya ngayon. Babayaran niya naman ito, isinusumpa pa niya sa sarili.

Ikinuha pa siya ng private nurse ng binata para siya nang mag-aasikaso sa bata. Dinalhan pa siya ng binata ng kanilang maibibihis na magtiya. Binibilhan siya nito ng mga prutas na makakain. At nang makapagbihis siya’y inimbita siya nitong lumabas ng ospital.

## Chapter 7

“Hindi ako sasama kung gusto mong lumabas. Babantayan ko pa si Louise dito,” aniyang di nakatingin sa lalake.

“Pupunta na dito ang nurse niya. Kinausap ko na siya. At alam mong ipinagpaalam ko na siya sa Head Nurse nila ang duty niya.”

“Pakialam ko ba sa yo? Di mo ba naiintindihan ang nararamdaman ko ngayon?” sumbat pa niya sa lalake.

Napalunok si Byron at talunan itong napababa ng tingin. Saka ibinaling na ang tingin sa papasok na nurse.

Nabubuwisit na siya talaga. Kung di lang dahil kay Minessa! Umalis ang binata nang walang paalam.

Masama namang tinignan ng dalaga ang pintuang kinalabasan nito. Saka hinayaan na niya ang nurse na painumin ng gamot ang bata.

“Kelan ba kami makakalabas dito?” naitanong niya sa nurse.

“Itatanong ko na lang po kay Dr. Zamora, ma’am.”

Pagkalabas ng nurse ay bumukas na naman ang pinto. Akalain pa niyang si Byron ang bumalik para mangulit pero si Rinesse ang pumasok at may kasamang lalake.

“Hi. Nabalitaan ko kay Byron ang nangyari. Siyanga pala, si Jerome. Ang asawa ko. Jerome, siya yung ikinuwento ko sa yo. Si Moraine.”

Nag-shake hands silang dalawa at nagkangitian.

“Hi.” Anang Jerome sa kanya.

Napangiti lang siya ng matipid sa lalake.

“Kumusta na ba si Louise?” tanong ng babaeng lumapit sa batang tulog na ngayon, upang matignan itong maige.

“OK na siya. Pangatlong araw na namin dito. Nakakahiya na nga sa family doctor n’yo, eh. Kase parang VIP pa kaming ituring dito.” Napatawang kwento ni Moraine.

“Ah, wag mong alalahanin yan. Siyanga pala, baka pupunta dito si Tita Bonita. Nabalitaan niya rin kase at nag-aalala siya.”

“H-ha?” bigla siyang kinakabahan nang marinig ang pangalan ng ina ni Byron.

“Oo. Kase naikwento ko sa kanya ang lahat tungkol kay Louise. At alam mo bang sabik siya sa apo? Well, sabi niya. Sana di na magtatagal ay magkakaroon na siya ng sariling apo.”

“Sariling apo?”

“Oo. Kase nang maikwento ko sa kanyang... magha-honeymoon kami ni Jerome, alam na niyang di magtatagal ay magkakaanak na kami ni Jerome. Kaya naiinggit siyang magkakaapo man siya ay sa pamangkin naman niya, at di sa sariling anak. Kay Byron.” Natutuwang kwento naman ni Rinesse na nakatingin sa asawa.

“Hindi naman siguro malayong mangyari yon. Ikakasal na siya kay Minessa, di ba?”

“Ano? Di ko alam ‘to, ah.” Anang Jerome sa asawa.

“No. Hindi totoo yan. Di siya ikakasal kay Minessa.” Deny naman ni Rinesse kapwa sa asawa at kay Moraine. “At baket mo nasabi yun, Moraine? Sinabi ba sa yo ni Byron na pakakasalan na niya si Minessa?”

Hindi nakasagot ang dalagang napaiwas ng tingin.

“Dahil sa pagkakaalam ko, iba ang gusto ni Byron. At di si Minessa yon. Mind you. Hinding-hindi niya magugustuhan ang babaeng yon.” Ang dagdag pa ni Rinesse.

“Moraine? Kumusta na si Louise? Pasensya ka na, ngayon lang talaga ako nakalabas sa trabaho, kung di ako sinundo ni Byron.” Biglang pumasok si Morsel na di pinansin ang ibang mga tao sa loob ng private room.

Sumunod namang pumasok nang tahimik si Byron. At di katagalan ay may kumatok at pumasok. Si Bonita.

Biglang kinabahan ang dalaga.

Ano ito? Reunion? Pero out of place yata ang mga ito, dahil sila yata ang bida ngayon sa ospital na ito.

Napatingin sa dalaga ang lahat ng pares ng mga mata. Bigla siyang di mapalagay.

Umigham naman si Byron.

“Mama, paano mo nalaman ang tungkol kay Louise?” tanong ng binata sa ina.

“Kelangan ko pa bang sagutin yan, Byron?” pagkasabi ay bumaling ito kay Moraine.  
“Nakausap ko na ang doctor at pwede na siyang ilabas mamaya. Hindi na siya nilalagnat, di ba?”

“Opo. Gusto ko na nga po siyang iuwi sa amin.” Sagot ni Moraine dito.

“Sa inyo? Hindi. Gusto kong iuwi ang bata sa bahay namin.” Taas-noo’t matigas na sabi ng aristokratang babae.

Napamaang ang lahat maliban na lang kay Byron. Nakatitig lang itong may pagdududa sa mga mata. Pero walang sinuman ang may alam sa iniisip nito. Lalo na sa pagkakataong ito.

Sinulyapan pa ito ni Moraine upang humingi ng paliwanag sa inaasal ng ina nito. Ngunit tinititigan rin siya nito nang walang salita.

“B-baket po sa inyo? Hindi namin tahanan...” nag-uumpisa siyang mag-apila kay Bonita.

Ngunit di nakikinig si Bonita. Tila natutuwa itong lumapit sa bata upang ito’y kargahin.

“Well, it seems the room is crowded. We better be off now.” Saad pa ni Jerome, upang at least magkakaroon na ng privacy ang maiiwan.

Wala pa ring imikan sa loob nang makaalis na ito at ang asawa. Nang dumating ang nurse ay tsinek nitong muli ang pulse at temperature ng bata.

“OK na po siya. Stable na ang temperature niya mula pa kahapon. Maya-maya ay ia-assist ko kayo sa Cashier’s.” Anitong si Moraine ang hinarap.

Tumango si Moraine sa nurse at nagpasalamat.

“Dito ka na lang. Ako na ang bahala sa babayaran.” Sabi ni Bonita nang makaalis na ang nurse upang sundan ito.

“Moraine, ano ba ito? Paano mo ba sila nakumbinseng tulungan nila tayo kay Louise?” pabulong na tanong ni Morsel sa kanya nang makaalis na ang ina ni Byron.

“Hindi ko alam. Sige, ako na ang bahala rito. Bumalik ka na lang sa trabaho mo. Hindi na nga kita pinapaalam tungkol dito para di ka na mag-aalala sa bata, eh. Pero sinabi pa sa yo ni Byron ito.” Pabulong ring tugon niya sa kakambal.

“Kung mag-uusap kayo, wag pabulong.” Ang suway pa ni Byron na nakatayo pa rin sa kinaroroonan nito kanina pa.

“Pasensya ka na.” Ang paumanhin ni Morsel.

Pero inismiran lang ito ni Moraine. Hindi naman sa wala siyang utang na loob dito. Di niya lang makalimutang nakakandong rito si Minessa nang maratnan niya sa unit ito.

“Babalik na ako sa trabaho ko ngayong mabuti na rin naman pala ang lagay ng bata.” Ang sabi ni Morsel.

“Byron, this is just too much!” biglang bungad ni Minessa na di na naman kumatok man lang sa pinto.



Halos mabangga na nito si Morsel na lalabas na sana ng kwarto. Buti na lang at nakatigil ito. Pero napamaang ito sa babaeng kapapasok lang.

“If you have forgotten, Minessa, this is not your house.” Marahang tugon ng lalake na sinulyapan lang ang babae. Tila nababato na siya sa asal nito.

“Well, of course!” medyo napahiyang anito na tinignan si Morsel mula ulo hanggang paa. “I’m sorry.”

Bahagya lang na tumango si Morsel at lumabas na ng kwarto. Napasunod naman ng tingin si Minessa sa lalakeng lumabas. Saka napatingin ngayon kay Moraine.

“S-sino yun?” tanong nito nang deretsahan.

“Ang ama ng bata.” Si Byron ang maagap na sumagot.

“A-ang ama ng bata? You mean... but...”

“Kambal ni Moraine si Morsel. At anak ni Morsel sa isang babae ang bata. Now, that answers everything. You may go, Minessa.”

Napalunok si Minessa. At napakurap naman na nakatingin kay Moraine. Hindi na ito galit na nakatingin sa dalaga.

Nagtataka na nga siya sa asal nito ngayon pagkatapos nitong makita si Morsel. Di naman kaya agad itong nagkakagusto sa kakambal niya? Ibig siyang mapatawa nang histerikal. Di niya talaga maiintindihan ang mayayaman! O ang babaeng ito lang ang may deprensya sa utak?

“Yes. Pero gusto kong makipag-usap sa yo this one last time tonight, Byron. Meet me at the bar. You know where it is.” Saka tumalikod na ang babae.

Tinignan ng dalaga ang lalakeng napasunod ng tingin kay Minessa. Saka bumaling itong nakatingin sa kanya.

“What?” Anito.

“Wala naman.”

“You’re staring at me.”

“Wala naman.” Ulit pa niya.

“Nagseselos ka?” ngumingising anito sa kanya.

Hindi na siya makatingin sa lalake dahil sa saad nito. Nagseselos nga ba siya? Tanong pa niya sa kanyang sarili.

Hindi. Dapat hindi. Pakialam ba niya kung magkikita at mag-uusap ang dalawa sa bar?

“Moraine...”

Napatingin siya dito nang mag-umpisa itong magsalita.

“Salamat sa tulong mo sa amin. Di ko makakalimutan ang lahat ng ito at balang araw ay babayaran din kita.” Sabi niya sa lalake.

Dumilim ang itsura ng lalake. Di nito gusto ang sinabi ng babae.

“I did not ask you for anything. I was merely helping you out with Louise. And I will never ask you to pay me back for everything I’ve done for the both of you.”

Napalunok si Moraine at napaiwas ng tingin.

“Ayoko lang na magkakaroon ako ng utang na loob sa yo at sa iyong pamilya.”

Nagtitiim-bagang ang lalakeng nakatingin sa babae.

“That’s bullshit!” matigas na anang lalake na di naman sumisigaw dahil sa bata.

Napapikit nang mariin ng isang saglit ang dalaga dahil sa curse nito.

“If you wanna pay me back, it’s going to be a high price. So don’t tell me about that nonsense!”

“Baket, magkano ba ang babayaran ko?” tanong niya sa lalake.

“I’m telling you it’s a high price and you’re going to pay me for the rest of your life.”

Pagkasabi ng lalake ay umalis na itong walang paalam habang nakamaang naman ang dalagang naiwan.

Gusto mang pumalag pa ni Moraine kahit sa huling segundo ay di na niya magawa. Dahil naririto na sila sa mansion ng mga Zobel.

Napalunok pa siya habang kalong niya ang batang natutulog pa rin mula pa sa ospital. Sinundo sila nung driver ni Bonita, noong minsang magpunta ito sa duplex.

Nanaog na rin si Byron mula sa big bike nito at lumapit sa kanyang nakatayo pa rin na tila itinutulos na kandila.

“Halika na. Ang mga katulong na ang bahala sa mga gamit. Naghihintay na si Mama sa inyong pagdating.”

“Pero...”

“Gusto ito ng Mama. At wala akong magagawa sa ngayon.”

Pero duda pa rin si Moraine sa sinabing iyon ng lalake. At gayunpaman ay di na siya nagsasalita sa iniisip niya.

“Ituloy mo na siya sa nursery room. At ang kwarto mo ay nasa kabila lang nito. At sasamahan ka na ni Ineng doon habang kakausapin ko lang si Byron dito sa sala.”

Napasunod na lang siya sa gusto ng senyora. Maganda at napakalaki ng kwarto para lang kay Louise. Ngunit sadya yatang ganito kalaki lahat ng mga kwarto dito. Pero nang panatag na ang bata sa higaan nito ay lalo pa siyang napamangha dahil mas malaki pa ang kwarto niya.

Soft pink ang kulay ng pintura nito sa buong kwarto na may matching curtains at bedsheets. Maganda naman ang naka-arrange na mga damit sa glass closet.

“Baka gusto n’yong maligo, señorita. liwan ko na kayo.” Sabi pa ni Ineng nang nakangiti.

“Sige. Salamat.” Pero di siya mapalagay sa pagtawag nitong senyorita sa kanya.

Agad naman siyang naligo dahil tila nanlalagkit ang pakiramdam niya mula pa sa ospital. Nang makalabas siya ng banyo ay nakaroba lang siya at di niya inasahang nakaupo sa kama si Byron at naghihintay sa kanya.

“B-baket ka ba naririto? Akala ko ba nag-uusap kayo ng mama mo.” Nagulat na aniya at napahalukipkip.

Titig na titig naman sa kanya ang lalake.

“Sasabihin ko lang naman sa yong alas-syete impunto ang dinner. Alas-sais y media hanggang alas syete naman ang agahan at alas dose y media naman ang pananghalian. Kung gusto mo ng snacks, mag-utos ka na lang sa mga katulong na bigyan ka. At wag mo ng alalahanin si Louise dahil may yaya siya. Bibisitahin kayo ni Morsel dito hangga’t gusto niya. At kung gusto mong magtrabaho, gamitin mo lang ang computer ko sa library. Ipapakita ko na lang sa yo pagkatapos mong magbihis.”

Napasimangot siya sa mga sinabi nito.

“Baket parang minamaneho ninyo ang buhay naming ng pamangkin ko’t kakambal? Baket, Byron?”

“Wag ka ng magtanong. Sa malao’t hindi, ganito ang buhay ninyo.” Nakangising tugon ng binata.

Umiling siya.

“Hindi ito pwedeng magpatuloy. At maniwala ka. Ituturing kong utang na loob ito sa yo habambuhay.” Aniyang napatungo.

“I should not say that if you knew my mother’s plan.”

Noon ay napatingin siya sa lalake.

“Anong ibig mong sabihin?”

“Gagamitin niya ang bata upang mapalambot ang puso ng aking papa para di na matuloy ang kasal naming ni Minessa. You see, wala kang utang na loob na maituturing sa ganitong kalagayan. Hinihingi naming kabayaran ang pagtulong sa yo kapalit ng serbisyo mong maging fiancée ko.”

“At yung sinabi mong habang-buhay akong magbabayad sa yo...”

“That’s why I told you not to ever pay me anything because it is of high price.”

Napaatras siya sa inilahad ng binata. Lalo siyang napailing.

“Hindi. Hindi ako sumang-ayon noon sa mama mo nung sinabi niya sa akin yun minsan. Impossible ang gusto ninyong hinihingi sa akin, Byron.”

“Well, who knows this would work? Ayaw na kase ng mama ko na mapalayo ako sa bahay namin kaya niya ito ginagawa. Kahit mahal na mahal niya ang ama ko, di niya kayang sumang-ayon sa kasal kung sapilitan lang.” Tumatayong saad ng binata.

Napatitig siya nang maige sa lalake. Totoo ngang ayaw nitong magpakasal kay Minessa.

Pero baket nakakandong ang babae dito noong naratnan niya sa unit nito? Ano palang gusto nitong mangyari noon? Isang laro lang ba dito ang makipagniig sa babaeng di naman nito gustong pakasalan?

Desperado na ba ang lalake sa bagay na iyon?

“Pero mag-uusap kayo nang masinsinan ni Minessa. Dapat mapagkasunduan ninyo ang tungkol sa kasal ninyong dalawa.”

“Oo. Tama ka, dapat magpakasunduan na naming dalawa ang tungkol sa kasal. Sige, aalis na ako.” Anitong malagkit pa ang tingin sa kanya bago ito umalis.

Nagngingitngit ang dalaga. Kuyom ang mga palad na sinundan ng tingin ito hanggang sa makalabas na mula sa kwarto.

Kung makikipagsundo lang pala ito sa kasal, ano pa ang ginagawa nila dito ni Louise? At ano ang plano nitong ipakikilala siyang fiancée sa ama nito? Ano pang silbi nun?

Naiinis na talaga siya sa sitwasyon nilang ito. Dahil siya lang ang nasasaktan at naiipit. At di niya alam kung anong nasaisip at nararamdaman ng lalake para sa kanya.

## Chapter 8

Kinabukasan ay maaga siyang gumising upang tignan si Louise sa kwarto nito. Halos di siya makapaniwalang kahapon pa lang sila nakalabas ng ospital. Tila walang dinaramdam ang bata ngayon dahil panay ang ngiti nito sa kanya.

Kinakausap niya ito nang dumating si Bonita kasama ang asawa nito.

Nagkakilala na sila ng ama ni Byron kagabi pa lang. Halos di ito makapaniwalang siya ang gustong pakasalan ng anak nito, sa halip na si Minessa. Kung may disgusto man ito sa kanya ay di naman ito nagpakita ng ganoong reaksyon. Kundi ang masurpresa lang na siya ang “ipaglalaban” upang pakasalan ng anak nito.

“Magandang umaga po sa inyo,” bati pa niya sa dalawa.

“Gustong makita ni Lorenzo ang pamangkin mo, Moraine,” nakangiting anang Bonita sa kanya.

“Ah, sige po. OK lang po. Gising naman na po siya.” Mahinang tugon niya.

Di niya akalaing kakargahin pa ng asawa nito ang kanyang pamangkin. Pero wala siyang magawa.

At sa halip ay di niya maipaliwanag ang kanyang nararamdamang kaligayahan na tila tanggap nito si Louise. At dahil doon ay pilit niyang iwaksi sa isipan ang mga magagandang bagay paukol dito.

“Kung may gusto ka pang gagawin, kami na muna ang bahala dito sa bata,” ang saad ni Lorenzo sa kanya.

“Sige, Moraine. At kung may kelangan ang bata, tatawagin na lang namin ang yaya niya, ha?” nakangiting anang Bonita sa kanya.

Ang ibig sabihin ng mga ito ay gusto ng mga itong makasama nang sarilinan ang pamangkin niya. Kaya ay umalis na lang siya at nagpunta sa may hardin.

Natutuwa naman siya sa magagandang bulaklak doon. Iba't ibang klaseng rosas ang naroroon at pati mga orchids. At saka noon pa niya napansin ang swimming pool. Bigla siyang nakaramdam ng pagnanasang maligo doon.

Napalunok na lamang siya nang makitang umahon mula sa tubig si Byron nang naka-swimming trunks lang. Naaalala niya tuloy ang lakad nito kagabi. Ang pakipagkita nito kay Minessa. Ano kayang resulta noon?

“Good morning, sexy!” bati pa ni Byron sa kanyang tuwang-tuwa nang makita siya sa may di kalayuan ng hardin.

Tumango lang siya nang bahagya at akmang tatalikod na nang tawagin nito ang pangalan niya. Saka lumapit ito sa kanya na may dalang tuwalya at nagpupunas ng katawan habang nakaharap sa kanya. Lalong napalunok ang dalaga sa kakisigan nito sa malapitan. Tila nahihigitan pa yata nito si Adonis ngayon.

Naaalala pa niya ang huli nilang pag-uusap. Tila wala na sa isipan nito ang bagay na iyon. Darating kaya ang araw na maiintindihan niya talaga ang lalakeng ito?

“Kumusta ang tulog natin, ha?” tanong nito sa kanya na titig na titig sa mukha niya.

“Mabuti.” Matipid niyang sagot, at iniwas ang mga mata mula dito. Ayaw niyang malaman nitong di siya masyadong nakatulog dahil sa lubos na pag-iisip niya sa sitwasyon nila ng lalake.

“Maaga lang akong nakauwi kagabi, kung gusto mong malaman. And to tell you about what Minessa and I were talking about...” nagsimulang magpaliwanag ang lalake ngunit bigla siyang nag-cut in dahil ayaw niyang marinig ang tungkol doon at baka masaktan lang siya.

“Huwag ka ng mag-abalang sabihin pa sa akin. Naisip kong personal yun para sa yo. Kaya...”

“Yes, it was personal.” Tumango si Byron na nakatingin sa dalagang di nakatingin sa kanya. “But I want you to know...”



“Gusto ko ng umuwi sa duplex. H-hindi ako mapalagay dito sa inyo. Hindi tayo magkaanu-ano. Ipagpaalam ko na mamaya sa mga mama mong aalis na kami ni Louise.” Pagkasabi ay noon pa niya tinignan sa mukha ang lalake.

Napalunok si Byron. Di niya alam ang sasabihin at gagawin sa pasyang iyon ni Moraine.

“Baket ba? Baket ba ayaw mo sa bahay namin?” biglang nagalit na anang binata.

“Dahil kung tutuusin, wala kang obligasyon sa amin ni Louise. At kung tutuusin, dapat ka ng ikasal kay Minessa. Di mo ba naintindihan ang kalagayan natin ngayon?” sumbat pa ni Moraine rito.

“No, hindi mo naintindihan. Mananatili ka dito sa ayaw at gusto mo.” Tiim-bagang na anang lalake at hinawakan sa braso nang mahigpit ang babae upang ipakita dito ang punto niya. “Pipilitin akong muli ng Papa na magpakasal sa babaeng di ko mahal kapag aalis ka rito. Naiintindihan mo ba?”

“Ibig mong sabihin... ginagamit mo pa rin kami ni Louise hanggang ngayon? Akala ko ba... nagkasundo na kayo ni Minessa kagabi tungkol sa kasal ninyo?”

“Yan sana ang sasabihin ko sa yo kung nakikinig ka pa!”

Napalunok na naman siya at napababa ng tingin. Sadyang nalilito siya sa mga pangyayari.

Baket siya pa ang ginagamit nito gayong pwede naman itong kumuha ng kahit sinong babaeng gusto nito para siyang tumayong fiancée nito? Mayaman ang mga Zobel, kaya pwede siyang maka-afford para lang sa gawaing ito.

“Hindi ko pa rin maintindihan.” Nausal niya tuloy.

Bigla siya nitong niyapos at hinalikan sa labi. Napakalakas ng lalake kaya di siya makaiwas mula dito. Hanggang sa tila nanlalambot ang kanyang mga tuhod at naanod sa sensasyong dulot ng mga labi ni Byron.

Dahil sa kalapitan ng kanilang katawan ay nararamdaman niya ang pagkalalake nito sa kanyang puson. Napatirik ang mga mata niya at lalo nang sinimulan siya nitong hipuan sa kung saan-saan.

“B-Byron...”

At noon ay humahangos siyang binitiwang lalake.

“Just making my point. Hope you can see now.”

Iniwanan na siya ng lalake na walang lingon-likod. Samantalang siya ay tila manlupaypay sa magkahalong sensasyong nararamdaman niya ngayon.

Baket ba palaging ganito na lang ang kanyang nararamdaman sa tuwing hinahalikan siya ni Byron? Tama nga kaya si Lussel? Na may gusto silang dalawa sa isa't isa?

Lingid sa kanila ay nasaksihan ng ama ni Byron ang eksena nilang iyon.

Nagmamadali si Moraine na bumalik sa kanyang kwarto. Dapat siyang maligo upang makalimutan ang halik na iyon ng binata. Ngunit nakasabay niya sa pasilyo si Byron na papasok na rin pala sa kwarto nito. Ngayon ay nakabalot na ito ng tuwalya.

Nagkatinginan sila nang saglit. Pagkatapos ay binawi na ng dalaga ang kanyang paningin at sabay na silang pumasok sa kani-kanyang kwarto na tanging kwarto pala ni Louise ang naghihiwalay.

Mabilis siyang nag-shower at ilang beses niya pang hinuhugasan ang bibig pero tila tattoo nang naka-printa na doon ang labi ni Byron at di na makukuha pa sa tubig kahit ilang beses pa siyang magmumog o maghugas.

Binisita ni Morsel ang anak isang araw. Natutuwa siyang nakamasid sa yayang nagpapakain dito. Pagkatapos ay inagaw na niya ang kutsarita para siya nang magpapakain sa

anak na tuwang-tuwang kumakain at nakatingin sa kanya. Samantalang nakapanood lang nang masaya si Moraine sa mag-ama.

“Buti at napadalaw ka ngayon.” Anang dalaga sa kakambal.

“Oo. Kase day-off ko. Siyanga pala, nandon pa rin naman ang ibang mga gamit natin sa duplex. Sigurado ka bang huwag ng dalhin ang mga yun dito?”

Napatingin siya sa kapatid saka binawi naman pagkatapos.

“Oo naman. Hindi ito habambuhay, Morsel. Tandaan mo yan. Isa pa, alam mo na ang sitwasyon.”

“Pero malay mo ba kung totohanin ni Byron ito? Dahil sa tingin ko naman, gustong-gusto ka niya.”

Napaismid ang dalaga.

“Ginagamit niya lang kami ni Louise para makatakas sa problema niya, Morsel. Kaya huwag kang magsalita sa akin ng ganyan.”

Napabuntong-hininga ang binata. Saka napasulyap sa yaya ng kanyang anak.

“Kung ganon, ikaw ang bahala.”

“Hi! Nabalitaan kong nandito ka,” napabaling ang kambal at ang yaya sa kararating na babae.

“Minessa?” napamaang si Moraine sa babae.

*Hanggang dito ba naman?* Naisip pa niya. At nandito ba na naman ito para kay Byron?

“Yes? Nabalitaan ko lang kaseng nandito ang kakambal mo kaya nagmamadali na akong magpunta rito,” pa-sweet ang ngiting anito na bumaling kay Morsel.

Napataas ng kilay si Moraine sa kakambal na kumibit lang naman ng balikat. Nagtatanong ang mga mata ng dalaga sa lalake.

“Kelan pa ba tayo lalabas, Morsel? Sabi nina Byron, pwede naman kitang imbitahan kumain sa labas.” Anang Minessa na maliwanag na may pagkakagusto sa kakambal ni Moraine. At di niya ito maintindihan.

“Minessa, dinadalaw ko ang anak ko ngayon.”

“Morsel, halika nga dito,” aniya sa kakambal na hinihila ito papalayo kay Minessa.

At saka pabulong siyang nagsasalita rito.

“Kelan lang ba kayo nagkakilala ng mapapangasawa ni Byron, ha? Tsaka, tila sinasabi pa niyang palagi na kayong nagkikita?”

“Eh, paano yan? May gusto daw siya sa akin. Kahit anong sasabihin ko, di nakikinig, eh. Dahil di rin naman daw sila magpapakasal ni Byron.” Turan pa ni Morsel.

“Ano?! At... ibig mo bang sabihing... gusto mo rin ang babaeng yan?” Napamaang na tanong niya sa kapatid na mahina pa rin ang boses.

Hindi nakasagot si Morsel. Nagkatitigan lang ang magkakambal. Saka napalunok si Moraine sa ibig ipahiwatig noon.

At paano na si Byron ngayon? Malaya na ito mula kay Minessa.

Napatango na lang siya nang marahan dito. Pagkatapos ay sinundan na lang niya ng tingil ang mga ito nang lumabas nang sabay pagkatapos magpaalam ng mga ito.

Mukha namang tama si Morsel, naisip pa niya. Nakikita niyang napakasaya ni Minessa na makasama ngayon si Morsel. Iba ang ekspresyon nito kaysa kasama nito si Byron.

At si Byron, ano na nga pala ang plano nito ngayong ibinaling na ni Minessa sa iba ang pansin nito? At sa kapatid pa niya!

## Chapter 9

“Napag-usapan n’yo na raw ang tungkol sa kasal n’yo,” bungad pa ni Lorenzo habang kumakain sila, isang gabi.

Awtomatikong napatingin si Moraine kay Byron na nasa tabi niya ngayon. Kanina pa itong tahimik na kumakain. Kunsabagay, di ito masalita kapag kumakain.

“Kelan ba ang kasal n’yo?” tanong agad ni Bonita sa kanilang dalawa na may tuwa sa mga mata.

*Teka, ba’t parang kakaiba ang tuwa nito ngayon?* Nagtataka si Moraine sa reaksyon ng ina ni Byron. Sang-ayon ba talaga ito sa ‘kasal’ nila ni Byron?

“Hindi pa namin nai-set ang date.” Ang tugon ng lalake na sinulyapan si Moraine na di makaimik dahil sa kabiglaan.

“Well, bilisan n’yo na. Ano pa bang hinihintay natin?” natutuwang anang Bonita na nakangiting bumaling sa asawa.

“Tama. At baka magbabago pang isip ko, Byron,” saad ni Lorenzo.

Biglang kinabahan si Moraine. Anong ibig sabihin nito? Na matutuloy ang kasal ni Byron kay Minessa kapag di binilisan ni Byron na magpakasal sa kanya? Ayaw niyang mapasubo sa kasal. At lalong ayaw niyang mapasubo si Byron sa kasal na ‘napagkasunduan’ nila.

“Papa, pag-uusapan pa namin ni Moraine ang tungkol diyan... mamaya.”

Biglang pumunit sa isang maluwang na ngiti ang labi ni Lorenzo sa narinig. Tsaka tinititigan nito si Moraine nang makahulugan.

Napakurap naman ang dalaga at nagbawi ng tingin. Feeling niya ay pinamumulahan siya ngayon ng mukha sa hiya. Tila binabasa ni Lorenzo ang nararamdaman ng dalaga para kay Byron.

Pagkatapos nilang kumain ng dessert ay nagpaalam na si Byron para sa kanilang dalawa na pumunta sa may swimming pool. Upang doon na sila makapag-usap nang masinsinan.

Walang nagawa ang dalaga kundi ang sumama dito. Tahimik pa rin si Byron habang papunta silang swimming pool. At kanina lang sila nakatayo sa poolside nang walang imik.

Nakapamulsa si Byron sa slacks na suot nito. At napatitig lang naman sa tubig si Moraine.

“Ikaw, kelan mo gustong magpakasal tayong dalawa?” biglang tanong ni Byron sa kanya.

Pagtingin pa niya rito ay nakita niyang nakatitig na pala ito sa kanya. Napalunok siya sa kaseryosohan nito.

Di niya talaga maintindihan ang moods ng lalake. Daig pa ang babae kung may mood swing ito. Kelan pa niya kaya ito maiintindihan? Ito ang paulit-ulit niyang tanong sa sarili. At sadya ba talagang gusto nitong magpakasal sila nang totohanan?

“Hindi ka dapat... magpatali sa akin nang ganito, Byron. Alam kong ayaw mo pa talagang magpakasal sa ngayon.”

“Tama ka. At para sabihin ko sa yo ang totoo, Moraine. Ayaw kong magpakasal sa isang babaeng di ko mahal at di ako mahal.”

Napalunok si Moraine at binawi ang kanyang paningin mula sa lalake at ibinaling itong muli sa tubig ng pool. Siguro ito na ang tamang panahon upang pigilan na ang lahat, pati ang kabaliwan niyang pagpapahalaga sa lalake. Sa bumubuong pagmamahal niya para rito.

Natigilan siya sa isiping iyon. Napagtanto niyang inaamin na niyang mahal niya si Byron all this time...

At kung masasayang man itong first love niya ay di siya manghihinayang dahil mapapalaya naman niya si Byron pagkatapos ng lahat.

“Kung ganon, kelangan na naming bumalik ni Louise sa duplex. Babalik kami sa dati naming buhay na wala ka. At babalik ka rin sa dati mong buhay na wala kami.” Mapait pa ang ngiting kanyang iginawad sa lalakeng nakatitig pa rin sa kanya.

Tila may gusto itong sabihin na di masabi-sabi sa kanya. Humugot siya ng malalim na hininga at pinilit pa ring ngumiti sa lalake.

“Natutuwa akong makilala ka kahit sa sitwasyon natin. Di ko alam kung saan ako ngayon kung di pa ikaw ang hiningan ko ng tulong. Parang anak ko na si Louise. Di ko alam kung anong... kalimutan mo na ang sinabi ko. Itama na natin ang maling akala ng ama mo, Byron. Sa tingin ko, nagbago na ang pananaw niya ukol sa kasal mo.”

Pagkasabi niya ay tumalikod na siya. Ngunit hinawakan nito ang braso niya.

“Moraine, nasasakal ka ba sa ginagawa ko sa inyo ni Louise?”

Napalunok ang dalaga. Paano niya masasabi ang katotohanan sa lalake nang di nasasaktan ang sarili niya? Paano niya masasabing napamahal na siya sa lalakeng ito na ang gusto lang ay ang makawala sa kasal na ayaw nitong mangyari sa kanila ni Minessa? Paano niya masasabi ritong magiging hungkag na ang buhay niya kapag wala na ito sa kanyang tabi?

Tila nagbabasahan sila ng isip sa titigan nilang iyon. Nakagat ni Moraine ang kanyang labi at napatawa nang mapakla. Saka naiiling.

“Hindi mo lang alam ang talagang... nararamdaman ko, Byron. At kahit siguro sasabihin ko sa yo, di mo maiintindihan. In a way, nasasakal nga ako dahil sa yo. Di ko pinangarap na mapalagay sa ganitong sitwasyon ang buhay namin ni Louise. Gusto ko ring maging malaya pa. Gusto ko pang balikan ang buhay namin noon nang wala ka.” *At gusto ko ring malaman kung paanong mabuhay nang wala ka na sa buhay namin, gayong mahal na kita...* ngunit di niya sinabi ang mga salitang ito.

“At anong gusto mong gawin natin ngayon?”

“Ang bumalik tayo sa dati.” Pinal na aniya sa lalake.

Pagkasabi niya noon ay iniwan na niya ang lalake sa poolside. Di ito sumunod sa kanya maliban lamang sa tingin. Di niya alam kung ano ang nararamdaman ngayon ng binata.

Kinabukasan ay kinausap niya nang masinsinan si Lorenzo bago pa man ito makaalis ng bahay tungo sa lakad nito. Hindi na ito nag-oopisina dahil si Byron naman na ang nangagasiwa sa kompanya ng pamilya.

“Sa totoo lang, Moraine alam ko na ang lahat na yan.” Ngumingiting turan ng may edad na lalake.

Napatitig si Moraine dito na namamangha. Tumango itong tinatapik siya sa balikat.

“Hindi mo na kelangan pang magkunwari. Pero sa tingin ko, gusto ka naman ng anak ko. Kaya di na ako nagsasalita pa tungkol sa kasal nina Byron at Minessa. Napagkasunduan na rin namin ng mga magulang ni Minessa na wag ng ituloy ang kasal ng mga anak naming dahil nalaman naming iba rin naman ang mahal ni Minessa at hindi si Byron.”

“K-kung ganon po, wala ng dahilan para mamalagi kami ni Louise dito. Salamat po sa pagtanggap ninyo sa amin dito sa tahanan ninyo. Aalis na po kami mamaya. At maraming salamat po sa lahat ng tulong ninyo sa amin ng pamangkin ko.” Nakatungong aniya kay Lorenzo.

Hindi agad nakasagot ang matandang lalake.

“Talaga bang pasya mo na ito? Alam na ba ito ni Byron?”

“N-nagkausap na po kami kagabi. Sa tingin ko, wala na kaming ibang dapat pang pag-usapan.”

Nakasimangot si Rinesse na nakapanood sa kanyang pag-aalsa balutan. Nakatayo ito sa may pintuang bukas.



“Hindi ako makapaniwalang aalis ka ng walang paalam sa pinsan ko. Kung tutuusin, siya ang nagpapatira sa inyo dito kahit ito ang gusto at pasya ni Tita Bonita.”

“Tama ka. Pero wala ng dahilan pa para mananatili kami ni Louise dito. Intindihin mo naman ang sitwasyon namin. Wala kaming karapatan ni Louise na tumira dito habang-buhay! May sariling buhay si Byron... at ako rin...”

Napa-tsk-tsk na lang si Rinesse at sumunod sa kanyang nagtungo sa kwarto ng bata. Habang bitbit naman ng katulong ang mga bag niya.

“Marami pong salamat sa pag-aalaga n’yo sa pamangkin ko,” ani Moraine sa yaya ng bata at kay Rinesse.

Napabuntong-hininga siya. Ngayon na ang tamang umalis dahil wala sa bahay ang mga magulang ni Byron at wala rin ang lalake dahil nasa opisina ito sa araw na yaon. Tanging si Rinesse lang ang nandoon dahil dumadalaw sana ito kay Louise.

Nailing naman si Rinesse habang papasakay na sa taxi si Moraine kasama ang bata at dala ang mga gamit nila.

“Moraine, mag-isip ka nga! Magagalit sa yo si Byron sa ginagawa mong ito.”

Ngunit ngumiti lang nang matipid ang dalaga. Saka pinasibad na ng driver ang sasakyan. Laglag naman ang balikat ni Rinesse na sumusunod ng tingin sa taxi.

Hinugot ni Rinesse ang kanyang cellphone at tinatawagan si Byron na nasa opisina nito.

Hindi alam ni Moraine kung nakakahinga siya nang maluwag o nalulungkot sa gabing iyon. Pagkatapos niyang magbihis ng pantulog ay saka naman may kumakatok sa pintuan. At nagtataka siya dahil isinara na niya ang gate kanina.

Hindi naman siguro si Morsel ito sa mga oras na ito dahil di pa nito alam na nakabalik na sila ni Louise sa duplex.

“Moraine, gusto kong makipag-usap sa yo,” pamilyar sa kanya ang boses na yaon.

Nang binuksan niya ang pintuan ay bumungad si Byron. Nakasuot pang-opisina pa ito.

Di niya alam kung ngayon lang siya humahanga sa suot ng lalake mula nang makilala niya ito. Bagay na bagay rito ang suot nito ngayon. At pormal itong tignan at lalong lumalala ang kanyang nararamdaman para rito.

“Nanghiram ka ba ng susi kay Aling Dora?” tanong pa niya rito nang patay-malisya.

“Baket ka ba umalis ng bahay nang di nagpaalam sa akin? Ha?” sumbat pa ng lalake sa kanya.

“Yan lang ba ang ipinunta mo dito? Dahil kung yan lang, nagsasayang ka lang ng oras mo.” Mahinang tugon niya.

“I don’t know what’s got into you. Wala pa tayong napagkasunduan tungkol sa pag-alis mo. Di rin kita pinapalayas ng bahay. Ano ba talagang problema mo?” demanda pa ng lalake.

Napalunok ang dalaga. At napasulyap sa mukha ng kaharap, na di pa rin ito pinapatuloy sa loob ng unit niya.

“Umuwi ka na. Gabi na. Isa pa, may trabaho ka pa bukas.”

Patlang.

“Tama ka. At di ko alam kung baket rin ako pumunta dito. Pasensya ka na at naiistorbo kita.”

Tumalikod na ang lalake. Tila maiiyak ang dalaga sa pag-alis na iyon ng binata.

“Baket ka pa nagpunta dito?” mahinang tanong niya sa lalake ngunit di nito naririnig ang tanong niyang iyon. “Lalo mo lang sinasaktan ang puso ko. Gusto ko pa namang kalimutan ka na nang tuluyan...”

Saka isinara na niya nang dahan-dahan ang pinto.

Samatalang lumulan na sa kanyang kotse si Byron nang tiim-bagang. Di niya maintindihan ang ginawa ni Moraine. Nang kausapin naman niya ang babae ay tila malamig pa ito sa hanging nakipag-usap sa kanya.

Kung magkaganito pala ang lahat, di niya alam kung ano na ang gagawin niya. Di rin niya alam kung paano magsabi dito ng totoo... at kung kelan niya masasabi rito ang tunay niyang nararamdaman dahil parang ayaw naman nitong makinig sa kanyang sasabihin?

## Chapter 10

“Hi!” bati pa ni Rinesse nang pumasok sa opisina ni Byron isang araw.

Dalawang buwan na mula nang umalis si Moraine sa bahay nila.

“O, Rinesse anong ginagawa mo dito?” aniyang may ngiting may bahid na kalungkutan.

Batid ni Byron na magkaayos na ito at ang asawang si Jerome. Sa katunayan nga ay may hatid itong magandang balita ngayon.

“I just got the news from my doctor. I am two months pregnant, Byron!”

Napayakap si Rinesse sa leeg ng pinsang nakaupo sa swivel chair nito.

“Oh, is that why you are here, Rinesse? To tell me the good news, huh?”

“Yes! Dahil di ko mapagkasyahang sa phone lang sasabihin sa yo. I’m so excited! Hindi pa alam ni Jerome. Mamayang gabi ko na sasabihin sa kanya. I’m making ourselves a romantic dinner at home.”

Napalunok si Byron. Di niya alam kung anong nararamdaman niya ngayon sa balita ng pinsan.

“That’s great!” Pilit na anang binata. “So, Jerome is a very lucky man.”

“Now, don’t envy my Jerome, Byron.” Seryosogn anang Rinesse. “Kumusta ka na nga pala? Marami na akong naririnig kina Tita Bonita at Tito Lorenzo na lagi kang nag-o-overtime dito sa opisina. And I wonder why. Is there any need to? Marami ka namang mga tauhan na pwedeng gumawa ng trabaho mo dito, di ba? Isa pa, the company is running so smoothly.”

“When a time you thought everything is smooth, you’d be surprised later on that it is not. And then you’ll realize it is too late...” makahulugang anang binata na di nakatingin sa pinsang nakatayo nang matuwid at nakakurus ang mga braso sa dibdib.

“If you’re talking about you and Moraine...”

“Don’t remind me of her!”

“No! Listen to me, Byron. I am not reminding you of her because I know that you are always thinking about her ever since. And don’t deny that! Because I know!”

Hindi nakakibo ang binatang napatitig sa pinsan.

“I’m wondering what’s the problem between you two. Your parents have nothing against her. And you are very free from Minessa. How come that suddenly things are not good between the two of you?”

“Ask her! She’s the problem! She’s always the problem. I don’t know why!” kumumpas si Byron sa inis.

“Ask her? Why should I? Dapat ikaw ang nagtatanong sa kanya nang ganyan! I’m not the one who’s in love with her?!” taray pa ni Rinesse na nakapamewang.

Napatiim-bagang si Byron. Napakurap-kurap siya at di na makatingin sa pinsang nang-uusig.

“Of course, you did not realize that until I’ve said that! Byron, you’re...”

“Don’t ever tell me that I’m pathetic, Rinesse. Of course I know that – I’m in love with... that insensitive woman! Kaya lang... hindi niya siguro ako gusto. Kaya siya umalis ng bahay.”

Biglang napangisi si Rinesse. Nagtataka naman ang binata.

“Is there something funny?” Tanong pa niya sa pinsan.

Ngunit lalong ngumisi ang babae.

“Rinesse, I’m so tired, you know? And I don’t know what to do.”

Napakagat-labi ang pinsang naaawa sa kanya. Saka matipid itong nakangiti.

“I have a suggestion.”

“A-anong ginagawa mo dito?” di-makapaniwalang tanong pa ni Moraine nang mabungaran si Byron kasama si Rinesse.

“I’m going to take Louise with me, Moraine. Miss na miss ko na siya!” agad na pumasok si Rinesse sa kwarto ng bata at binihisan nito upang dalhin sa labas.

Hindi nakapalag ang dalaga dahil alam naman niyang napakabuti ni Rinesse sa pamangkin niya. Ngunit nang makaalis na ito sakay sa kotse ay saka pa naaalala niyang nasa harapan pa niya si Byron nang di man lang tuminag.

“W-wala ka bang pasok ngayon?” naitanong pa niya.

Dalawang buwan na rin mula noong huli silang magkita ng lalake. Noong sinumbatan siya nito kung baket siya umalis nang walang paalam.

Ngayon pa niya napagtantong nami-miss niya nang todo ang lalake. Walang gabing hindi ito ang laman ng isip niya. At walang araw na hindi niya ito inaaasahang dumating dito upang kausapin siyang muli at kukulitin kung baket siya umalis sa bahay nito.

Ngayon ngang nandito na ito ay di pa siya halos makapaniwala.

“I would like to have some juice or something.” Ang anang binatang pumasok na sa loob at siya pang nagsara ng pinto.

“S-sandali lang at ipagtitimpla kita.” Nasabi pa ng dalaga.

Ngunit di niya batid na sumunod pala sa kanya sa kusina ang lalake. Bawat galaw niya ay sumusunod ito sa kanya. Nang babalik na sana siya sa sala ay nabangga siya dito at tumilapon tuloy ang juice sa damit at pantalon nito.

“Baket ba? Hindi ko alam na nasa likuran kita.” Aniyang in-attempt pang punasan ang nabasa nitong suot.

Hinawakan ng lalake ang kamay niya upang matigil siya saka dali niyang binawi ang kamay. Sa halip ay hinubad na ni Byron ang suot at walang imik na isinampay ito sa likod ng isang silya.

Napalunok ang dalaga at iniwas ang kanyang tingin mula sa hubad na katawan ng lalake.

“B-baket...” nagsisimulang tanong pa niya.

“I’m here to propose.” Seryosong anang lalake na muli ay nasa harapan na naman niya.

Kaya napatingin si Moraine rito. At nagkatitigan sila. Habang inilabas naman ng binata ang isang magandang singsing na binili nitong sadya para sa dalaga.

“Propose?” parang estupidang tanong niya.

Saka ipinakita nito sa kanya ang singsing na may brilyante. Halos di siya makapaniwala. May matipid na ngiting bumalatay sa labi ng lalake habang nakatingin sa kanya.

Napakurap-kurap naman siya.

“What do you want to hear, sexy? That I’m foolishly in love with you? Na sana di kita pinakawalan pa nang nasa bahay na sana kayo ni Louise? Na sana sinabi ko na sa yo ang totoo bago pa nahuli ang lahat and we’ve come this far in hurting ourselves?”

Hindi nakakibo ang dalaga dahil sa kanyang narinig.

“Hindi pa rin naman huli ang lahat, di ba?”

Napakagat ng labi si Moraine. Nahihiya pa rin siya dahil sa kanyang ginawa. Tila kase nagpaimportansya pa siya rito. Pero kung di niya ginawa yon, malalaman ba niyang importante nga siya sa lalake? Tama lang ang ginawa niya.

Umiling siyang nakatitig sa mga mata ni Byron.

“H-hindi pa huli ang lahat, Byron. Pero...”

“Don’t ever doubt that I’m in love with you. Ilang beses ko bang dapat sabihin sa yo para maniwala ka? This time, sinisiguro ko sa yong wala ng Minessa na dahilan sa pagpunta ko rito upang magtago. The only reason I am here is you, Moraine.”

Di siya makapaniwala sa mga sinasabi nito sa kanya.

“You did not even have any idea that I have fallen for you even for the first time I saw you?” Patuloy pa ng lalake.

At saka marahan na nitong hinahawakan ang baba niya upang siya ay halikan sa labi. Di na tumanggi ang dalagang ipinipikit ang mga mata upang namnamin ang pag-ibig nito.

Ngunit tumigil si Byron kaya napadilat siya ng mga mata na may pagtatanong.

“Hindi mo pa yata ako sinasagot. O dapat ko na bang sapilitan pang isusuot sa yo itong singsing?”

Napatawa tuloy siyang ibinigay ang kamay niya sa lalakeng hinalikan pa ang kanyng mga daliri bago isinuot ang singsing. Namumula sa hiya ang pisngi niya dahil sa ginawa nito.

Pero napatitig ang dalaga sa seryosong mukha ng lalake. Hinayaan niyang makita nito ang blushes niya.

Mahal nga nila ang isa’t isa. Ngunit tila nasa isang panaginip pa rin ang pakiramdam niya. Di niya alam na mahal siya ng lalake. At di niya alam na matagal na pala itong nararamdaman ng lalake para sa kanya.

Pagkasuot ng lalake ng singsing ay niyakap na niya ito sa leeg at tumiyad upang halikan ito sa labi.

“Byron, di ko alam kung ba’t mahal din kita. Pero matagal na rin kitang mahal. Ayoko lang isipin yun noon.” Turan niya rito.



“We were both stupid then.” Mahinang natatawa si Byron at niyayapos siya sa bewang. Pagkasabi’y inaangkin na naman nito ang kanyang mga labi. “Both... stupidly... in love... hmm?” sabi ng lalake sa pagitan ng mga halik.

Umungol lang naman si Moraine nang nakangiti habang nakikipaghalikan rito.

“Moraine...” biglang pasok si Morsel at natigilan ito sa nakita. “Gusto ko sanang makita si Louise.” Pagpapatuloy pa nito nang nakatingin nang pabaling-baling sa kanilang dalawa.

Half-naked si Byron habang nakayakap sa leeg ng lalake ang kakambal. Kaya napalunok si Morsel.

Ngunit nagkatawanan naman ang dalawang ‘caught in the act’.

“Naunahan ka na ni Rinesse. Dinala niya ang bata upang ipasyal sa kung saan.” Paliwanag pa ni Byron dahil di na makapagsalita si Moraine sa katatawa.

“Ah, ganon ba? At... kayo?” tanong pa ni Morsel na parang naiiskandalo pa rin ang ekspresyon sa mukha.

Ipinakita na lang ni Moraine ang singsing sa kakambal. Kaya napakamot ito sa batok na tumangong parang ito pa ang napapahiya ngayon.

“Sige, aalis na lang ako. Babalik na lang ako mamaya?” anitong tumalikod na, habang nagkatawanan pa rin sina Byron at Moraine.

“Bukas ka na lang bumalik!” tugon niya sa kakambal saka napahagikhik.

“Pasensya ka na. Napahiya tuloy si Morsel sa atin.” Saad na lang ni Moraine kay Byron.

“Dapat magpakasal na rin siya. Nagkamabutihan na sila ni Minessa, di ba?”

“Ewan ko lang sa kanilang dalawa. Pero panay na nga ang lambitin ni Minessa sa kakambal ko. Di ko lang alam kung anong nakikita niya kay Morsel, eh.”

“Sexy ka sa tingin ko. Baka sa tingin ni Minessa kay Morsel ay ganon din.”

Napangiti siya sa lalake.

“OK. Bahala na nga sila. Basta tayo na rin ang bahala dito, di ba?” biglang seryosong anang lalake pero nakatawa ang mga mata nitong nanunudyo sa kanya.

“Alam kong iniisip mo. Pero off limits po bago ang kasal, hmm?” aniyang hinahalikan sa labi ang lalake nang masuyo.

“I can’t bear it!” protesta pa ng lalake.

“Basta yun ang gusto ko.”

“Eh, di bukas na tayo pakasal para mabilis!”

Iningusan ito ni Moraine nang nakatawa nang mahinhin.

“Loko! May mga documents at saka seminars pang kelangan bago makasal ang mga couples ngayon.”

“Hmm... pwedeng pakiusapan natin ang judge na kilala ni Papa. I guess it is not so much trouble for him.”

“Wala ba akong lusot sa yo?”

Biglang bumukas ang pinto at bumulaga naman si Lussel.

“Moraine?” Anito at nakita si Byron na nakayakap sa kaibigan.

“Lussel!” Bulalas naman ni Moraine nang makita ang kaibigan.

“Ah, magpapaliwanag ka sa akin,” pilyang anito.

Saka masayang nagkatinginan at nagnigitan ang engaged couple na nagniningning ang pag-ibig sa pagitan nilang dalawa.

-- Wakas --